# Pagbabakuna laban sa Coronavirus (COVID-19) ng mga taong nagtatrabaho o ipinapadala sa mga bahay-kalinga: patnubay sa pagpapatupad at pagkilos

## Pangkalahatang impormasyon

Sa gitna ng coronavirus (COVID-19) na pandemya, kahanga-hanga ang nagawang tulong at proteksyon ng mga manggagawa sa bahay-kalinga para sa mga higit na naganganib sa COVID-19. Humarap sa walang kahalintulad na hamong ito ang mga tao mula sa iba't ibang sektor at gumawa ng higit pa sa inaasahan sa kanila upang panatilihing ligtas ang kanilang inaalagaan.

Pinahahalagan natin ang pambihirang nagawa ng mga tao sa mga bahay-kalinga nitong nakaraang 18 buwan para alagaan ang ilang taong higit na nanganganib sa COVID-19. Nais nating matiyak na ang mga bahay-kalinga ay ligtas hangga't maaari para sa mga kawaning natatrabaho doon at sa mga taong inaalagaan nila. Naniniwala kami na ang pinakamahusay na paraan para magawa ito ay tiyaking magpabakuna ang lahat na maaaring makatanggap ng bakuna.

Ang pagbabakuna ay nagbibigay ng pinakamahusay na proteksyon laban sa virus kapwa para sa mga kawani at residente ng bahay-kalinga. Mula ika-11 ng Nobyembre 2021, ang lahat ng manggagawa sa bahay-kalinga, at sinumang papasok sa isang bahay-kalinga, ay kailangang ganap na bakunado, maliban na lang kung sila ay hindi saklaw ng mga regulasyon.

Maaaring i-book online ang pagpapabakuna sa pamamagitan ng pambansang serbisyo sa pag-book or o pagtawag sa 119. Maaari ding pumunta sa isa o sa daan-daang walk-in centre sa buong bansa nang hindi na kailangang magpa-book nang maaga. Hanapin ang pinakamalapit na centre.

## Iskedyul para sa pagpapatupad




Ang mga pangunahing petsa na dapat tandaan ay:

- Ika-22 ng Hulyo (dito nagsisimula ang palugit)
- Ika-16 ng Setyembre (huling petsa para makakuha ng unang dosis ang mga manggagawa sa bahay-kalinga upang sila ay ganap na bakunado sa oras na ipatupad ang mga regulasyon)
- Ika-11 ng Nobyembre (pagpapatupad ng mga regulasyon)

# Paano gamitin ang patnubay

## Ang layunin ng patnubay na ito

Ang patnubay na ito ay nalalapat sa pinangangasiwaang gawain (regulated activity) sa loob ng bahay-kalinga – iyan ay ang probisyon ng matitirahan kasama ang pag-aaruga o personal na pangangalaga. Ginawa ito para makatulong sa pagpapatupad ng Batas sa Pangangalagang Pangkalusugan at Panlipunan ng 2008 (Mga Pinangangasiwaang Gawain) (Susog) (Coronavirus) Mga Regulasyon 2021 ('ang Mga Regulasyon'). Iniaatas ng mga regulasyong ito na tiyakin ng mga rehistradong tao ng lahat ng rehistradong bahay-kalinga sa Care Quality Commission (CQC) (na naglalaan ng tirahan kabilang ang pag-aaruga o personal na pangangalaga) na hindi makakapasok ang isang tao sa loob ng pasilidad maliban na lamang kung sila ay nabakunahan na. Ito ay napapailalim sa ilang exemption.

Ang mga regulasyon ay inilatag sa Parlyamento noong ika-22 ng Hunyo 2021 at naisagawa noong ika-22 ng Hulyo 2021.

### Para kanino ang patnubay na ito

Ang patnubay na ito ay para sa mga tagapagkaloob ng serbisyo, rehistradong tao, lokal na awtoridad, manggagawa (kabilang ang mga kawani ng ahensya) at mga residente ng mga bahay-kalinga na pinangangasiwaan ng CQC na naglalaan ng tirahan para sa mga taong nangangailangan ng pag-aaruga at personal na pangangalaga.

Ang patnubay na ito ay nalalapat sa lahat ng propesyonal at mangangalakal na pumapasok sa ganitong mga pasilidad.

# Panimula

### Ang paglulunsad ng bakuna

Naging matagumpay ang paglulunsad ng pagbabakuna laban sa COVID-19 sa mga bahay-kalinga, salamat sa mahusay na pamumuno at pakikipagtulungan ng buong sektor ng pangangalagang panlipunan at ng NHS, sa pakikipagtulungan ng mga lokal na awtoridad, pati na rin ang malasakit ng mga tagapamahala ng bahay-kalinga sa pagsuporta at paghihikayat sa mga kawani. Mahigit sa 1.26 milyong manggagawa sa pangangalagang panlipunan sa England ang ganap na bakunado na - isang mahalagang hakbang upang maprotektahan ang kanilang sarili, ang kanilang mga mahal sa buhay, at mga taong inaalagaan nila, laban sa malubhang karamdaman o pagkamatay sanhi ng COVID-19.

### Bakit mahalaga na mabakunahan

Nakakalungkot sabihin, nitong nakaraang taon at kalahati, libu-libong tao ang namatay dahil sa COVID-19, lalo na iyong mga matatanda, mga may karamdaman at mga nangangailangan ng pangangalagang ibinibigay sa mga bahay-kalinga.

Binigyang-diin ng Working Group sa Pangangalagang Panlipunan ng Scientific Advisory Group for Emergencies (SAGE) na ang mga taong nakatira sa mga bahay-kalinga ay lalong higit na naapektuhan ng COVID-19 na pandemya, dahil sa pinagsamang mas matinding panganib ng malulubhang kahihinatnan kasunod ng pagkahawa sa COVID-19 at ng panganib ng mga paglaganap sa mga saradong lugar.

Mula noong Enero 2021, higit 21 milyong beses nang sinuri ang mga kawani at 1.2 bilyong kagamitang PPE ang nagamit ng mga bahay-kalinga. Gayunpaman, sa kabila ng pag-iingat na ito at puspusang pagsisikap ng mga masisipag na kawani, nakita natin ang paglaganap sa lahat ng bayan sa buong rehiyon at halos 14,000 residente ng bahay-kalinga ang namatay dahil sa COVID-19 mula pa sa simula ng taong ito.

Mayroong isang bagay ngayon na nakakagawa ng mahalagang kaibhan, at nakakapagligtas ng buhay ng mga residente at manggagawa sa bahay-kalinga: ang pagbabakuna.

Mas protektado laban sa matinding karamdaman at kamatayan sanhi ng COVID-19 ang mga taong nabakunahan.  Ayon sa pagsusuring isinagawa ng Public Health England (PHE) tungkol sa direkta at hindi direktang epekto ng programa ng pagbabakuna sa pagkahawa at pagkamatay, mula noong ika-15 ng Hulyo 2021, nasa pagitan ng 11 at 12.5 milyong pagkahawa at nasa pagitan ng 35,200 at 38,600 na pagkamatay ang napigilan ng programa ng pagbabakuna mula nang magsimula ito.

Mayroong katibayang nagpapakita na pinipigilan din ng bakuna laban sa COVID-19 na makahawa sa ibang tao ang mga makakakuha ng virus.  Ipinakikita ng pananaliksik ng PHE na ang mga mahahawahan 3 linggo pagkatapos makatanggap ng isang dosis ng bakunang Pfizer-BioNTech o AstraZeneca ay nasa pagitan ng 38% at 49% kalamangan na hindi maipapasa ang virus sa kanilang mga nakakasalamuha sa bahay kumpara sa mga hindi nabakunahan.

Kahit na opisyal nang inalis ng UK ang halos lahat ng mga paghihigpit ng batas ukol sa COVID-19, mananatili pa rin kahit papaano ang virus at kailangan nating matutunang mamuhay kasama nito. Magpapatuloy itong magpapalipat-lipat, at marahil na magkaroon pa ng mga bagong variant.

Bagaman nakita natin ang malakas na pagtanggap sa pagbabakuna ng mga residente ng bahay-kalinga, may ilang hindi maaaring mabakunahan at ilang mas hindi epektibo ang pagbabakuna.  Kaya naman ang ilang residente ay patuloy na nasa mas malaking panganib dulot ng mga epekto ng COVID-19.  Ngayong taglamig, malalagay sa panganib ng posibleng kombinasyon ng COVID-19 at trangkaso ang buhay ng mga residente ng bahay-kalinga, na maaaring higit na nanganganib dahil sa kanilang edad, karamdaman, o kapansanan.

Ang pagpapabakuna laban sa COVID-19 ay ang pinakamahusay na paraan upang mapanatiling ligtas ng mga manggagawa ang kanilang mga sarili at ang kanilang mga inaalagaan mula sa mga epekto ng virus. Ang pagpapanatili ng mataas na antas ng pagbabakuna ng mga kawani ngayon, at sa hinaharap, kapag nagsimulang magsitrabaho ang mga tao, ay mahalaga upang mabawasan ang panganib ng mga paglaganap sa mga bahay-kalinga, na patuloy pa ring lubhang nanganganib.

## Saan makakahanap ng impormasyon tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19

Habang kumikilos tayo tungo sa pagpapatupad ng mga bagong regulasyong ito, napakahalaga na mapanatili natin ang ating mga pagsisikap na suportahan at hikayatin ang mga kawani sa bahay-kalinga na magpabakuna. Alam natin na makakagawa ng tunay na kaibhan ang mga pagkikipag-usap sa mga pinagkakatiwalaang kasamahan o mga propesyonal sa panggagamot. Mayroong hanay ng mga nailathalang impormasyon tungkol sa bakuna na maaaring magamit upang makatulong sa mga mahihirap na usapin, at lahat ng ito ay makukuha sa 19 na iba't ibang wika:

Pagpapabakuna laban sa COVID-19: patnubay sa mga nasa hustong gulang

Pagpapabakuna laban sa COVID-19: ano ang aasahan pagkatapos magpabakuna

Pagpapabakuna laban sa COVID-19 at pamumuo ng dugo

Pagpapabakuna laban sa COVID-19: kababaihang nasa edad para manganak, kasulukuyang buntis o nagpapasuso

Pagpapabakuna laban sa COVID-19: mga polyetong madaling basahin

NHS England at NHS Improvement London: Mga materyales sa komunikasyon tungkol sa bakuna laban sa  COVID-19 (mga video sa iba't ibang wika)

Ang Kagawaran ng Pangangalagang Pangkalusugan at Panlipunan ay gumawa ng isang toolkit ng mga mapagkukunan na iniakma para sa sektor ng pangangalagang panlipunan ng mga nasa hustong gulang. Ito ay makikita online sa campaign resource center ng Public Health England: Toolkit sa komunikasyon tungkol sa bakuna para  sa pangangalagang panlipunan ng mga nasa hustong gulang.

Ang toolkit ay regular ina-update at may kasamang:

- stakeholder Q&A tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19
- patnubay at mapagkukunan na tumutugon sa mga karaniwang alalahanin tungkol sa mga bakuna, tulad ng fertility, mga sangkap, allergy at bilis ng paghahatid
- payo sa kung paano panatagin ang mga tao tungkol sa pagpapabakuna
- mga video clip ng mga dalubhasa sa klinika na tumatalakay sa mga bakuna
- mga video clip at case study tungkol sa mga manggagawa sa pangangalagang panlipunan na nagbabahagi ng kanilang sariling kwento tungkol sa pagpapabakuna

Makakakuha ng suporta sa pamamagitan ng  Community Champions programme na naglaan ng £23.7 milyon na pondo sa 60 konseho at mga grupo ng mga boluntaryo sa buong England. Ang mga community champion ay direktang nakikipagtulungan sa mga komunidad na labis na naapektuhan ng COVID-19 upang palakasin ang tiwala sa bakuna. Kasama ng NHS at mga pangkat ng pampublikong kalusugan, sila ay nagtatrabaho para sagutin ang mga katanungan at suportahan ang mga may-kabatirang pagpapasya tungkol sa bakuna, upang alisin ang mga handlang sa pagtanggap.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa pagsasakatuparan ng programa para hikayatin ang pagpapabakuna, kabilang ang mga pagkilos para pagbutihin ang access at upang matugunan ang mga alalahanin ng mga maaaring nag-aalangang makatanggap ng bakuna, ay makikita sa Plano ng UK para sa pagpapabakuna laban sa COVID-19 (inilathala noong ika-13 ng Pebrero 2021).

# Ang patakaran

### Buod ng mga regulasyon

Iniaatas ng mga regulasyon na tiyakin ng lahat ng mga rehistrado sa CQC na tagapagkaloob ng serbisyong (o mga rehistradong tagapamahala) pantirahan para sa mga nangangailangan ng pag-aaruga o personal na pangangalaga sa isang bahay-kalinga na hindi makakapasok ang isang tao sa bahay-kalinga maliban na lang kung:

- ang tao ay naninirahan sa bahay-kalinga na ginagamit ng rehistradong tao (isang residente) – ang kahulugan ng 'rehistradong tao' ay taong nakarehistro sa CQC bilang isang tagapamahala o tagapagkaloob ng serbisyong may kinalaman sa pinangangasiwaang gawain – ito ay ang pinangangasiwaang gawain para sa pagkakaloob ng tirahan sa mga taong nangangailangan ng pag-aaruga o personal na pangangalaga
- ang tao ay nagbigay ng sapat na ebidensya sa rehistradong tao (o iyong mga kumakatawan sa rehistradong tao) na:
    - siya ay nabakunahan ng kumpletong kurso ng isang awtorisadong bakuna (maaaring patunayan ng indibidwal na sila ay ganap na bakunado)
    - siya, sa klinikal na kadahilanan, ay hindi dapat mabakunahan (sa kadahilanang medikal, hindi kabilang ang indibidwal) – karagdagang detalye sa ibaba
- makatuwirang kinakailangang magbigay ng tulong pang-emerhensya sa bahay-kalinga ang taong iyon (karagdagang detalye sa ibaba)
- makatuwirang kinakailangan na magbigay ng kagyat na tulong sa pagmementina sa bahay-kalinga ang taong iyon (karagdagang detalye sa ibaba)
- ang tao ay isang miyembro ng mga serbisyong pang-emerhensya na tumutupad sa kanilang mga tungkulin (karagdagang detalye sa ibaba)
- ang tao ay kaibigan o kamag-anak ng residente na dumadalaw sa residente (karagdagang detalye sa ibaba - kabilang din dito ang mga hindi binabayarang tagapag-alaga o itinalagang mga tagapagbigay ng mahahalagang pangangalaga)
- ang tao ay bumibisita sa isang residenteng nasa bingit ng kamatayan (karagdagang detalye sa ibaba)
- makatuwirang kinakailangan na makapagbigay ng ginhawa o suporta ang taong iyon sa isang residente kaugnay ng pagdadalamhati ng residente kasunod ng pagkamatay ng isang kamag-anak o kaibigan (karagdagang detalye sa ibaba)
- ang tao ay wala pang 18 taong gulang (karagdagang detalye sa ibaba)

Ang iniaatas na pagpapabakuna ay nalalapat lang sa mga taong pumupunta sa isang pasilidad sa pangangalaga (hindi kabilang ang anumang nakapaligid na lugar sa kahulugan ng ‘bahay-kalinga'). Hangga't ang isang tao ay hindi pumapasok sa gusali, hindi nila kailangang magpakita ng katayuan sa pagbabakuna.

## Mga rehistradong tao

Pananagutan ng rehistradong tao na tiyaking ang lahat ng pumapasok sa kanilang bahay-kalinga ay nabakunahan o exempted (hindi saklaw sa iniaatas na pagbabakuna).

Ang rehistradong tao ay ang taong nakarehistro sa CQC bilang tagapamahala o tagapagkaloob ng serbisyo.

Maaaring isaayos ng mga rehistradong tao na isagawa ng ibang tao ang ilang partikular na mga gawain upang makatulong sa pagsunod sa mga regulasyon. Bagaman ito ay katanggap-tanggap, ang rehistradong tao ay ang siyang mananatiling may legal na pananagutang sumunod sa mga regulasyon.

Mayroong impormasyon sa kung ano ang ibig sabihin ng rekisitong ito para sa mga rehistradong tao.

## Mga dosis ng booster

Ang mga dosis ng booster ay kasalukuyang hindi kasama sa mga regulasyon, ngunit mariing pinapayuhan ang mga tagapamahala na hikayatin ang mga manggagawa na tumanggap ng mga booster na bakuna kung karapat-dapat, at ang isang probisyon para sa mga booster na bakuna ay maaaring idagdag sa mga regulasyon sa hinaharap.

## Mga Residente

Kung ang isang tao ay residente o pinapapasok bilang residente, sila at ang kasamang kaibigan o kamag-anak ay hindi hihingan  ng patunay ng pagpapabakuna.

Gayunpaman, patuloy naming hihikayatin ang mga taong naninirahan sa mga bahay-kalinga na magpabakuna sa lalong madaling panahon, bilang pagpapatuloy sa mga paulit-ulit na pagbisita sa mga bahay-kalinga ng mga kasamahan sa NHS.

Iniaatas ng mga regulasyon ang mga inaasahang residente at ang kanilang mga pamilya na bumibisita sa mga bahay-kalinga na magpakita ng katibayan ng pagpapabakuna o pagiging hindi saklaw ng iniaatas na pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon. Maaaring isaaalang-alang ng mga tagapamahala ng bahay-kalinga ang pagsasagawa ng mga malayuang pagdalaw (remote visits) sa pamamagitan ng link ng video para sa sinumang inaasahang residente na hindi nabakunahan. Susubaybayan natin ang epekto ng paghihigpit na ito para sa mga inaasahang residente.

## Tulong na pang-emerhensya

Kung pumapasok ang isang tao sa bahay-kalinga para sa tulong na pang-emerhensya gawa ng isang insidente sa mismong bahay-kalinga, o may kaugnayan sa isang insidente sa isang kalapit na gusali (halimbawa kung kinakailangang pumasok para rumesponde sa sunog), hindi nila kailangang magpakita ng katibayan ng pagpapabakuna o pagiging hindi saklaw ng iniaatas na pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon.

Pananagutan ng rehistradong tao na gamitin ang kanilang propesyonal na pagpapasya para matukoy kung ang isang sitwasyon ay isang emerhensya alinsunod sa patnubay na nakasaad sa ibaba. Ang mga rehistradong tao ay inaasahang gumawa ng pagtatala ng lahat ng mga sitwasyong emerhensya, kasama ang mga detalye ng mga pangyayari, kung kailan pumasok ang mga tao sa bahay nang hindi nagpakita ng patunay ng pagpapabakuna o pagiging hindi saklaw nito.

Maaaring kabilang sa sitwasyong emerhensya ang (ngunit hindi limitado sa):

- mga mamamayan na tumutulong sa panahon ng pagbaha o sunog
- mga manggagawang panlipunan na tumutugon sa mga alalahanin tungkol sa pangangalaga

## Mga serbisyong pang-emerhensya

Bilang karagdagan sa pagbibigay ng tulong pang-emerhensya, ang mga kawani ng serbisyong pang-emerhensya na nangangalaga sa bahay-kalinga sa pagpapatupad ng kanilang mga tungkulin ay hindi kasama sa rekisito.

Kabilang dito ang:

- mga kasapi ng serbisyo sa pamatay-sunog at pagsagip na nangangalaga sa bahay-kalinga para maipatupad ang kanilang mga tungkulin
- mga kasapi ng pulisya na nangangalaga sa bahay-kalinga para maipatupad ang kanilang mga tungkulin
- mga kasapi ng serbisyong pangkalusugan na ipinapadala para sa pagresponde sa emerhensya

## Mga kaibigan, kamag-anak at mahahalagang tagapag-alaga

Hindi kailangang magpakita ng patunay ng pagpapabakuna o ng pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon ang mga kaibigan, pamilya (na maaaring hindi binabayarang mga tagapag-alaga) at mahahalagang tagapag-alaga.

Ang mga pagbisita mula sa pamilya at mga kaibigan ay mahalaga para sa kalusugan at kapakanan ng mga taong nakatira sa mga bahay-kalinga. Hindi makatuwirang ipagkait sa mga residente ang pakikipag-ugnayan, at pangangalaga, mula sa kanilang mga mahal sa buhay dahil ito'y makakasama sa kanila.

Dapat sundin ang patnubay ng gobyerno sa pagpigil ng pagkalat at mga hakbang sa pagkontrol na kinakailangang pagtibayin.

## Madaliang trabaho sa pagmementina

Kung ang trabaho ay ginagawa lamang sa labas ng bahay-kalinga at ang mga indibidwal na nagmementina ay hindi kailangang pumasok sa bahay-kalinga, hindi kailangang magpakita ang mga indibidwal na ito ng patunay ng pagpapabakuna o ng pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon.

Kung kailangang isagawa ang trabaho sa loob ng bahay-kalinga, dapat magpakita ng patunay ng pagpapabakuna o ng pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon ang mga indibidwal na magsasagawa ng pagmementina.

Gayunpaman, kung kailangan ang kagyat na pagmementina sa kabila ng panganib sa buhay o pagpapatuloy ng pangangalaga, hindi saklaw ang mga manggagawa ng mga rekisitong ito. Maaaring kabilang dito ang (ngunit hindi limitado sa):

- kakulangan o pagkasira ng gas, elektrisidad o suplay ng tubig
- mapanganib na problema sa kuryente
- malubhang pinsala sanhi ng sunog, baha, bagyo o pagsabog

- serbisyo para sa pumutok na tubo ng tubig
- malalang tagas sa bubong
- pagtagas ng gas
- anumang problema o pinsala sa bahay-kalinga na magiging sanhi ng pagiging hindi ligtas o delikado nito
- malubhang problema sa elevator o hagdan

Pananagutan ng tagapamahala na gamitin ang kanilang propesyonal na pagpapasya para matukoy kung ang isang sitwasyon ay nangangailangan ng madaliang pagmementina. Ang mga tagapamahala ay inaasahang gumawa ng talaan ng lahat ng mga pagmementina habang pumapasok ang mga tao sa bahay-kalinga nang walang ipinapakitang patunay ng pagpapabakuna o ng pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon, at isang maikling paglalarawan ng insidente para makapagtago ng record.

## Pagkamatay at pagdadalamhati

Ang mga tao ay hindi kailangang magpakita ng katibayan ng pagpapabakuna o ng pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna kung sila ay bumibisita sa isang residenteng nasa bingit ng kamatayan (nasa mga huling araw ng kanilang buhay) o nagbibigay ginhawa o suporta sila sa isang residente kasunod ng pagkamatay ng isang kamag-anak o kaibigan.

Ang mga nagsasagawa ng mga ritwal pang-espiritwal para sa isang residente ay hindi rin kailangang magpakita ng katibayan ng katayuan sa pagpapabakuna.

Ang mga nangangasiwa ng punerarya at ang kanilang kawani ay kailangang magpakita ng patunay ng pagpapabakuna o ng pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna kapag pumpasok sa bahay-kalinga.

## Mga wala pang 18 taong gulang

Ang isang taong wala pang 18 taong gulang ay hindi kailangang magbigay ng ebidensya ng pagpapabakuna o ng pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna bago pumasok sa isang bahay-kalinga. Ang mga frontline na tauhan sa kalusugan at pangangalaga na nasa edad 16 pataas ay kwalipikadong makatanggap ng bakuna at dapat tiyaking makatanggap sila ng kumpletong kurso ng bakuna laban sa COVID-19 na aprubado ng Medicines and Healthcare Products Regulatory Agency (MHRA) bago sila maging 18 taong gulang. All 17 year olds will be able to book a vaccine up to 3 months before their 18th birthday.

Ang mga bumibisitang propesyonal na wala pang 18 taong gulang ay maaaring makapasok sa bahay-kalinga nang hindi nagpapakita ng katibayan ng katayuan sa pagpapabakuna, ngunit maaaring kailanganing magpakita ng katibayan na wala pa silang 18 taong gulang. Sa sandaling maging 18 taong gulang na sila, hindi sila makakapasok sa bahay-kalinga hanggang sa makatanggap sila ng kumpletong kurso ng bakuna laban sa COVID-19 na aprubado ng MHRA.

Ang Skills for Care ay mayroong karagdagang patnubay sa pag-empleyo ng mga 16 at 17 taong gulang (sa ilalim ng ‘Patnubay para sa pag-empleyo ng mga manggagawang nasa edad 16 at 17’).

### Mga Mag-aaral

Ang lahat ng mag-aaral na pumapasok sa bahay-kalinga bilang bahagi ng kanilang pag-aaral ay kailangang magpakita ng patunay ng pagpapabakuna o ng pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna, maliban na lang kung sila ay wala pang 18 taong gulang o bumibisita bilang kapamilya o kaibigan ng isang residente.

### Mga Boluntaryo

Ang lahat ng boluntaryong pumasok sa bahay-kalinga ay kailangang magpakita ng patunay ng pagpapabakuna o ng pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna, maliban na lang kung sila ay wala pang 18 taong gulang.

### Mga kawaning naglalakbay mula sa mga lugar na hindi itinalaga para sa pangangalaga

Ang sinumang pumapasok sa isang bahay-kalinga bilang bahagi ng kanilang mga pananagutang propesyonal ay kailangang magpakita ng katibayan ng pagpapabakuna maliban na lang kung sila ay hindi saklaw nito. Kaya naman, ang mga tauhan (tulad ng mga tagasanay) na karaniwang nagtatrabaho sa mga (non-care) pasilidad na hindi nauugnay sa pangangalaga (tulad ng sa punong-tanggapan ng kumpanya) ay kailangan pa ring mabakunahan kung papasok sila sa isang bahay-kalinga. Kabilang din dito ang mga tauhan na maaaring magtrabaho sa bahay-kalinga nang part-time o paminsan-minsan, upang maghatid ng mga serbisyong hindi nauugnay sa pangangalaga (non-care), tulad ng pag-aayos ng buhok, pagmementina, o mga aktibidad.

### Pagpasok sa isang bahay-kalinga para sa isang panayam sa trabaho

Ang sinumang pumapasok sa isang bahay-kalinga para sa isang panayam sa trabaho ay dapat magpakita ng katibayan ng pagpapabakuna maliban na lang kung sila ay hindi saklaw nito.

Kung may balak ang isang taong magpabakuna ngunit hindi pa nabakunahan, dapat ganapin ang panayam sa labas ng bahay-kalinga o nang malayuan (sa pamamagitan ng video call o telepono).

### Pag-recruit ng bagong kawani

Nalalapat din ang mga regulasyon sa bagong kawani na ni-recruit ng rehistradong tagapagkaloob. Mahalagang tandaan na ang mga bagong kawani lamang na nakatanggap ng buong kurso ng aprubadong bakuna ng MHRA laban sa COVID-19 o hindi saklaw nito sa kadahilanang medikal ang kwalipikadong magtrabaho sa bahay-kalinga.

Dapat abisuhan ng mga bahay-kalinga tungkol sa kinakailangan ang mga potensyal na kawani sa simula ng proseso ng pag-apply at magsagawa ng naaangkop na mga paghahanda, sa panahon ng proseso ng pag-recruit, upang matiyak na ang indibidwal ay karapat-dapat na magtrabaho sa bahay-kalinga. Posible lamang para sa isang bagong itinalagang kawani na magsimulang magtrabaho sa bahay-kalinga sa sandaling makapagbigay sila ng katibayan ng kanilang katayuan sa pagpapabakuna o ng pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon.

### Pag-asikaso ng koreo o iba pang paghahatid at koleksyon

Nalalapat lamang ang rekisito sa mga papasok sa loob ng isang bahay-kalinga. Hangga't ang isang tao ay hindi pumapasok sa gusali, ang mga taong nag-aasikaso ng koreo o iba pang mga paghahatid o koleksyon ay hindi kailangang magpakita ng katibayan ng kanilang pagpapabakuna o ng pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon.

Kung, halimbawa, ang isang empleyado ng koreo ay dapat pumasok sa loob ng bahay-kalinga dahil ang pakete ay masyadong mabigat o malaki para ma-iangat ng isang kawani, dapat silang magpakita ng katibayan ng pagpapabakuna o o pagiging hindi saklaw nito.

### Ipinasang pangangasiwa (Devolved administrations)

Bagaman nalalapat ang mga regulasyon sa lahat ng mga bahay-kalingang rehistrado ng CQC sa England, ang mga taong nakatira sa Scotland o Wales ngunit nagtatrabaho sa England ay dapat magpakita pa rin ng katibayan ng pagpapabakuna o ng pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna sa mga bahay-kalinga sa England.

## Pangkalahatang patnubay sa pagpapakita ng katibayan

### Kinakailangang ebidensya

Para makapasok sa isang bahay-kalinga, ang mga indibidwal ay kinakailangang magpakita ng kumpletong kurso ng pagpapabakuna laban sa COVID-19, maliban na lang ang kung may nalalapat na mga hindi pagsaklaw.  Ang isang kumpletong kurso ay maaaring tumukoy sa isa o dalawang dosis ng bakuna, depende sa uri ng bakuna.  Hindi nito sakop ang mga dosis ng booster. Ang pagpapalawak ng patakaran upang masakop ang mga dosis ng booster ay nangangailangan ng pagbabago sa mga regulasyon at napapailalim sa pag-apruba ng parlyamento.

Ang rehistradong tao (o iyong mga kumakatawan sa rehistradong tao) sa bahay-kalinga ay kailangang makuntento sa pagkakakilanlan ng taong pumapasok sa bahay-kalinga at ng kanilang patunay ng pagpapabakuna.

## Paano magpakita ng katibayan ng pagpapabakuna

Isinasaalang-alang ng NHSX kung paano maaaring magamit ang serbisyong NHS COVID Pass upang suportahan ang mga rehistradong tao at kawani para masuri at maipakita ang katayuan sa pagpapabakuna. Samantala, ang mga rehistradong tao ay maaaring magpasyang gamitin ang serbisyong NHS COVID Pass para makita ang katayuan ng pagpapabakuna ng isang indibidwal.

## Kung ang kawani ay nakatira sa England

Ang mga indibidwal na nabakunahan ng NHS sa England ay maaaring magpakita ng katayuan sa pagpapabakuna gamit ang serbisyo ng NHS COVID Pass sa pamamagitan ng sumusunod na 3 ruta:

- ang NHS App
- ang NHS website – NHS.uk
- ang NHS COVID Pass na sulat

Ang NHS appointment card ng isang indibidwal ay hindi maaaring gamitin bilang katibayan ng katayuan sa pagpapabakuna.

### *NHS App*

Ang katayuan sa pagpapabakuna ng isang indibidwal ay matatagpuan sa loob ng serbisyo ng NHS COVID Pass ng NHS App.

Ang rehistradong tao (o iyong mga kumakatawan sa rehistradong tao) ay makakakuha nito bilang katibayan ng katayuan sa pagpapabakuna ng indibidwal upang mapatunayang sumailalim na sila sa kumpletong kurso ng pagbabakuna laban sa COVID-19.

Ang karagdagang patnubay para sa mga tagapamahala sa pagsuri sa katayuan sa pagpapabakuna ng mga taong pumapasok sa isang bahay-kalinga ay matatagpuan sa seksyon ng dokumentong ito na patungkol sa mga rehistradong tao.

Ang NHS App ay maaaring i-download – may karagdagang impormasyon tungkol sa app at kung paano i-download ito.

### *Solusyong batay sa web*

Ang NHS COVID Pass ay maaari ding ma-access sa pamamagitan ng website ng NHS. Ipinapakita nito ang parehong impormasyon tulad ng nilalaman ng NHS app sa pamamagitan ng isang online na web page - at maaaring ma-access sa pamamagitan ng Kumuha ng iyong NHS COVID Pass.

### *Hindi pang-digital na solusyon: NHS COVID Pass na sulat*

Ang isang indibidwal ay maaaring makatanggap ng sulat ng NHS COVID Pass na ipapadala sa kanila, na nagsasaad na sila ay nabakunahan laban sa COVID-19. Maaari nilang gawin ito sa pamamagitan ng:

- paghiling online ng COVID Pass na sulat sa pamamagitan ng Kumuha ng iyong NHS COVID Pass
- pagtawag sa 119 (para sa mga nabakunahan sa England lamang)

Ang sulat na ito ay maaaring ipakita ng indibidwal sa bahay-kalinga upang patunayan ang kanilang katayuan sa pagpapabakuna. Ang mga indibidwal ay maaaring kailangang maghintay ng 5 araw ng trabaho para makatanggap nito at dapat panagutan ito upang matiyak na mapapatunayan nila ang katayuan sa pagpapabakuna sa oras na ipatupad ang mga regulasyon.

Ang mga indibidwal ay kailangang magkaroon ng NHS number at nabakunahan sa England, ngunit hindi nila kailangang magparehistro sa isang GP surgery o magkaroon ng NHS login para makakuha ng NHS COVID Pass na sulat.

### Kung ang indibidwal ay nakatira sa Scotland o Wales

Ang mga indibidwal na nabakunahan sa Scotland ay maaaring makahanap ng impormasyon tungkol sa kung paano makakuha ng record ng kanilang katayuan sa pagpapabakuna laban sa COVID-19 mula sa nhsinformscot. Ang mga indibidwal na nabakunahan sa Wales ay maaaring makahanap ng impormasyon tungkol sa kung paano makakuha ng record ng kanilang katayuan sa pagbabakuna laban sa COVID-19 mula sa gov.wales.

### Kung ang isang indibidwal ay nabakunahan sa labas ng UK

Alam natin na ang ilang indibidwal ay nabakunahan sa labas ng UK. Gumagawa tayo ng solusyon ukol dito at magbibigay ng karagdagang patnubay sa lalong madaling panahon.

### Karagdagang patnubay

Ang karagdagang patnubay para sa mga tagapamahala sa kung paano i-check ang katayuan sa pagbabakuna ay matatagpuan sa seksyon ng dokumentong ito na patungkol sa mga tagapamahala.

Ang karagdagang patnubay para sa mga kawani sa kung paano patunayan ang pagpapabakuna sa kanilang mga tagapag-empleyo ay matatagpuan sa seksyon ng dokumentong ito na patungkol sa mga kawani.

## Pangkalahatang patnubay sa pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon

Hindi naangkop ang pagbabakuna para sa maliit na bilang ng tao dahil sa mga klinikal na kadahilanan. Maaaring humingi ang mga taong ito ng pag-apruba ng doktor sa pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakunang ito.

### Mga grupong maaaring makakuha ng pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon

Mayroong iba't ibang sitwasyon kung saan maaaring magbigay ng pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna na makikita sa Green Book tungkol sa Pagpapabakuna laban sa nakakahawang sakit, kabanata 14a at payong klinikal mula sa Joint Committee of Vaccination and Immunisation (JCVI).

Magkakaroon ng isang malinaw na proseso para sundin ng mga kawani kung sa palagay nila ay maaari silang magkaroon ng kadahilanang klinikal para hindi masaklaw. Ang prosesong ito ay iaayon sa sertipikasyon para sa mga lokal na kaganapan, mga hindi kasama sa inaatas na pagbubukod ng sarili para sa mga kumpirmadong pakikisalamuha sa may sakit at paglalakbay. Binubuo ang patnubay para sa sertipikasyon at maglalagay kami ng isang link dito sa patnubay na ito sa sandaling mai-publish ito.

Gagawa kami ng bukod pang patnubay para sa mga doktor, na aaayon sa patnubay para sa sertipikasyon ng bakuna sa iba pang pampublikong sitwasyon. Makakatulong ang patnubay na ito sa mga doktor na maberipika ang mga hindi saklaw.

### Iba pang hakbang upang mabawasan ang panganib ng hawahan

Mahalaga na ang lahat ng pumapasok sa mga bahay-kalinga, kabilang ang mga hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna, ay patuloy na sumunod sa mga hakbang sa pag-iwas at pagkontrol sa pagkahawa, pati na rin wastong paggamit ng PPE, upang mabawasan ang panganib ng hawahan. Gayunpaman, ang mga hakbang na ito ay hindi pamalit sa kinakailangang ganap na pagpapabakuna ng mga indibidwal, na nalalapat sa lahat ng taong pumapasok sa bahay-kalinga maliban na lang kung hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna.

Ang pagtatasa sa panganib ay dapat gawin para sa mga hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna, upang mabawasan ang panganib ng hawahan. Maaaring kasama rito ang pagbabago sa kanilang mga tungkulin kung saan angkop ang naturang pagbabago. Dapat ding isaalang-alang na ang mga hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna ay maaari ding sakop ng kategoryang labis na madaling magkasakit o mahina.

Dapat na patuloy na matiyak ng mga tagapagkaloob na ang mga nagtatrabaho sa mga bahay-kalinga ay patuloy na gumagamit ng naaangkop na PPE at sumusunod sa mga pamamaraan ng pag-iwas at pagkontrol sa pagkahawa..

## Patnubay para sa mga rehistradong tao

### Pangkalahatan

Simula ika-11 ng Nobyembre 2021, dapat tiyakin ng mga rehistradong tao (ang taong rehistrado sa CQC bilang tagapamahala o tagapagkaloob ng serbisyo) na hindi nila pinapayagan ang sinuman na pumasok sa loob ng bahay-kalinga, maliban

na lang kung mayroon silang kumpletong kurso ng dosis ng awtorisadong bakuna o kasama sa isa sa mga grupong hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna . Bagaman maaaring isagawa ang mga pagsisiyasat ng iba pang mga kawaning nagtatrabaho alinsunod sa tagubilin ng rehistradong tao, ang mga rehistradong tao ay may pangunahing pananagutang tiyakin ang pagsunod sa mga kinakailangan. Nilalayon ng seksyong ito na magbigay ng payo sa mga rehistradong tao tungkol sa pagpapatupad ng mga regulasyon. Kapag nagpapasya kung paano ipinapatupad ang mga regulasyon, dapat ding sumangguni ang rehistradong tao sa kodigo ng kasanayan sa pagpigil at pagkontrol ng pagkakahawa na kasalukuyang ina-update natin at ipa-publish sa lalong madaling pahanon.

## Pagsisiyasat sa katayuan sa pagpapabakuna o pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna

Kailangang tiyakin ng mga rehistradong tao (o iyong mga kumakatawan sa rehistradong tao) na ang lahat ng taong gustong pumasok sa bahay-kalinga ay nakatanggap na ng kumpletong kurso ng pagbabakuna, maliban na lang kung hindi sila saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna.  Kasama rito ang pag-check, halimbawa, ng mga kawani sa bahay-kalinga, propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, inspektor ng CQC, mangangalakal, tagagupit/taga-ayos ng buhok at beautician.

Nalalapat lang ang rekisito sa mga taong pumapasok sa loob ng bahay-kalinga at bahala ang rehistradong tao (o ang mga kumakatawan sa rehistradong tao) na tukuyin ang pinakaangkop na mga pamamaraan upang ma-check ang katayuan sa pagbabakuna.

Ang pagsunod sa mga regulasyon ay isang angkop na dahilan para hindi payagang makapasok ang isang inspektor ng CQC o ibang indibidwal, maliban na lang kung hindi sila saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna.

Sa mga kaso kung saan mayroong maraming gusali ang mga bahay-kalinga, maaaring mas gugustuhin ng mga bahay-kalinga na magkaroon ng mga check point sa pasukan ng bawat gusali. Bilang kahalili, ang mga rehistradong tao ay maaaring piliing magkaroon ng iisang check point upang matiyak na ang lahat ng indibidwal ay napatunayang nabakunahan o hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna bago magpatuloy na pumasok sa iba pang gusali.

Ang seksyon tungkol sa patnubay sa pagpapakita ng katibayan ng dokumentong ito ay nagbabalangkas kung aling uri ng katibayan ang katanggap-tanggap bilang patunay ng katayuan sa pagbabakuna. Ang NHS appointment card ng isang indibidwal ay hindi dapat tanggapin bilang sapat na katibayan. Batid namin na ang ilang indibidwal ay nabakunahan sa labas ng UK. Gumagawa kami ng solusyon tungkol dito at magbibigay ng karagdagang patnubay ukol sa katanggap-tanggap na ebidensya para dito sa lalong madaling panahon.

## Pag-record ng katayuan sa pagbabakuna o pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna

Dapat magtabi ang rehistradong tao ng record ng:

- katayuan sa pagbabakuna o pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna ng mga kawani at petsa kung kailan huling na-check ang katayuan
- katayuan sa pagbabakuna o pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna ng mga pumapasok sa bahay-kalinga maliban na lang kung hindi sila saklaw at petsa kung kailan huling na-check ang katayuan

Hindi kinakailangang mag-record ng klinikal na dahilan ng pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna ang mga rehistradong tao - dapat lamang nilang i-record kung ang isang tao ay hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon.

Kailangang patunayan lang ng mga indibidwal na pumapasok sa bahay-kalinga ang katayuan sa pagbabakuna sa unang pagkakataong pumasok sila o magparehistro, at dapat na itala ng rehistradong tao ang kanilang katayuan sa local system ng bahay-kalinga (halimbawa IT system, file ng mga papeles at iba pa). Ang lahat ng kasunod na pag-check ng mga indibidwal na dati nang nagpakita ng katayuan sa pagbabakuna ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng mga record na magpapakita ng petsa at oras na napatunayan ng indibidwal ang kanyang katayuan. Magagamit ng mga bahay-kalinga ang mga record na ito bilang patunay ng katayuan sa pagbabakuna, upang mabawasan ang pasaning paulit-ulit na pag-check sa bawat indibidwal. Maaari ding magpasya ang mga tagapamahala ng bahay-kalinga na mag-check nang mas madalas, kung nanaisin, ngunit hindi kinakailangang gawin ito. Dapat regular na i-check ang mga record upang matiyak na napapanahon ang mga ito.

Maibabahagi ng rehistradong tao ang mga record na ito sa CQC upang maipakita na na-check nila ang pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon ng ikatlong partido.

Malinaw na isinasaad ng mga regulasyon na ang isang bahay-kalinga ay maaaring magproseso ng impormasyon tungkol sa katayuan sa pagbabakuna o pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon, ngunit dapat itong gawin sa paraang naaayon sa batas ng pagprotekta ng data (tingnan ang higit pa sa ibaba).

### *Halimbawa*

Ang isang maliit na tagapagkaloob ng bahay-kalinga na mayroong limitadong teknolohiya para sa pagtatala ng katayuan sa pagbabakuna ay maaaring naisin na gamitin ang kanilang manwal na talaan ng mga bisita upang maitala ang katayuan sa pagbabakuna o pagiging hindi saklaw nito ng mga bumibisitang propesyonal (mga taong hindi direktang nagtatrabaho sa bahay-kalinga). Ito ay maaaring kasing-simple ng pagdaragdag ng isang column sa ginagamit nang logbook at pagdaragdag ng lagda upang ipakita na ang katayuan sa pagbabakuna ay nakumpirma.

## Pagkakaroon ng mga nakasulat na record at pagsunod sa General Data Protection Regulation (GDPR)

Dapat magtabi ng record ang mga bahay-kalinga bilang pagsunod sa mga regulasyon.

Kailangang matiyak ng mga bahay-kalinga na pinoproseso nila ang impormasyon tungkol sa pagbabakuna o pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon alinsunod sa batas sa pag-protekta ng data. Dapat magkaroon ang lahat ng bahay-kalinga ng mga patakaran sa pagproseso ng data bilang bahagi ng kanilang mga dati nang umiiral na obligasyon sa pagprotekta ng data, halimbawa, sa impormasyon ukol sa privacy. Ang lahat ng umiiral na pagproteka ng data at dokumentasyon ng privacy at mga pagsusuri ay dapat repasuhin at i-update upang matiyak ang pagsunod sa mga regulasyon.

Kailangang repasuhin at i-update ang mga pagsusuri sa epekto ng pagprotekta ng data at mga naaangkop na  pampatakarang dokumento kasabay ng anumang karagdagang batayan ayon sa batas sa ilalim ng Art 6 UK GDPR at Art 9 UK GDPR na tinukoy para sa bagong prosesong ito.

Ang data tungkol sa pagbabakuna o pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon ay impormasyong pangkalusugan at sa gayo'y mga data ng espesyal na kategorya  para sa mga layunin ng batas sa pagprotekta ng data kabilang ang Batas sa Pagprotekta ng Data ng 2018 at ang UK GDPR.

### *Mga alituntunin sa pagprotekta ng data*

Dapay tiyakin ng mga bahay-kalinga ang pagsunod sa lahat ng oras sa naaangkop na batas sa pagprotekta ng data (Artikulo 5 ng GDPR at ang Batas sa Pagprotekta ng Data ng 2018). Alinsunod sa mga umiiral na rekisito, mahalaga para sa bahay-kalinga na magkaroon ng isang pampatakarang dokumento na nagbabalangkas sa mga pamamaraan para sa pagtiyak ng pagsunod sa mga alituntunin sa pagprotekta ng data, at nagbabalangkas sa mga patakaran tungkol sa pagpapanatili at pag-aalis ng mga personal na data.

Kailangang isaalang-alang ng mga bahay-kalinga:

- kung sino ang may access sa data
- kung gaano karaming data ang kanilang pinoproseso
- kung gaano nila katagal pinapanatili ang data
- kung paano ang pag-imbak ng data
- kung ang anumang impormasyon ukol sa privacy ay nangangailangan ng pag-update
- kung ang anumang pagsusuri sa epekto ng pagprotekta ng data ay nangangailangan ng pag-update
- kung ang anumang naaangkop na mga pampatakarang dokumento ay nangangailangan ng pag-update

## Mga espesyal na pagsasaalang-alang para sa mga bumibisitang propesyonal

Ang NHS England and Improvement ay maglalabas ng partikular na patnubay para sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na bumibisita sa mga bahay-kalinga upang malaman nila ang mga implikasyon ng mga regulasyon.

Para sa mga bumibisitang propesyonal na kinontrata ng bahay-kalinga, maaring magpasya ang mga rehistradong tao na ang pinakamahusay na paraan upang matiyak na ang isang tao ay nabakunahan o hindi saklaw ng kinakailangang

pagpapabakuna bago pumasok sa bahay-kalinga, ay ang isama ang rekisito sa anumang kontrata para maihatid ang mga serbisyong ibinibigay ng taong iyon. Dapat humiling ng independiyenteng ligal na payo bago pumasok sa anumang kontrata. Gayunpaman, ang mga rehistradong tao ay maaari ding pumili ng iba pang pamamaraan upang matiyak ang pagsunod sa mga rekisito ayon sa mga regulasyon.

Nagbibigay ang mga regulasyon ng pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna kung makatuwirang kinakailangan ng isang tao na magbigay ng kagyat na tulong sa pagmementina (tingnan ang seksyon tungkol sa kagyat na tulong sa pagmementina) sa bahay-kalinga o tulong na pang-emerhensya.

Ang ilang tao, lalo na ang mga hindi regular na dumadalaw sa mga bahay-kalinga, ay maaaring hindi pamilyar sa rekisitong maging bakunado o mapatunayang hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon at maaaring mangailangan ng panahon upang makakuha ng patunay ng pagbabakuna o pagiging hindi saklaw nito. Kaya naman, kapag nagbu-book ng appointment o nagpaplano ng pagbisita, makakatulong na ipaliwanag ang mga regulasyon. Sa gayon, matitiyak ng tagapagkaloob ng serbisyo na magpapadala sila ng kawaning mayroong patunay ng pagbabakuna o pagiging hindi saklaw nito, o upang ang isang nag-iisang mangangalakal ay maaaring makakuha ng katibayan ng pagbabakuna o pagiging hindi saklaw nito. Para sa karagdagang patnubay para sa mga bumibisitang propesyonal tingnan ang Patnubay para sa mga bumibisitang propesyonal.

Kung ang isang tagapagkaloob ng serbisyo ay hindi makapagbigay ng mga serbisyo sa pamamagitan ng isang taong nabakunahan o hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon, at ang mga serbisyo ay hindi maaaring ibigay sa labas ng bahay-kalinga, maaaring kailanganing magkaroon ng alternatibong plano para sa pagbibigay-serbisyo.

## Ang papel na ginagampanan ng Care Quality Commission

Ang rekisito ay bahagi ng mga pangunahing pamantayan at susubaybayan at ipapatupad ng Care Quality Commission (CQC), sa mga naaangkop na kaso. Naglabas ang CQC ng isang pahayag sa kanilang website na nagbabalangkas sa kanilang pamamaraan sa:

- pagrehistro
- patuloy na pagsubaybay
- pagpapatupad

Ang buod ng pahayag ay nakalagay sa ibaba.

### *Pag-rehistro*

Titiyakin ng CQC na ang mga nagpaparehistro sa kauna-unahang pagkakataon - o nagpapalit ng kanilang pagpaparehistro sa CQC - ay mayroong isang matatag na proseso ng pamamahala para:

- subaybayan ang pagbabakuna at katayuan sa COVID-19 ng mga kawani
- matiyak na napapanatiling up-to-date ng kawani ang katayuan sa pagbabakuna (sa pamamagitan ng pagbibigay ng patnubay at tulong sa mga kawani na magpabakuna) at tiyaking napapanatiling up-to-date ng kawani ang pinakamahusay na gawain sa pag-iwas at pagkontrol sa pagkahawa (infection prevention and control, IPC)
- subaybayan ang pagbabakuna at katayuan sa COVID-19 ng mga tauhang pumapasok sa bahay-kalinga
- kung saan naaangkop, gumawa ng mga makatuwirang pagsasaayos upang matiyak na ang mga taong gumagamit ng serbisyo ay nakakatanggap ng ligtas na pangangalaga at paggamot

Para sa mga bagong aplikasyon ng tagapamahala, titiyakin ng CQC na:

- ang mga aplikante ay ganap na nabakunahan o hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna
- batid ng mga aplikante ang kanilang mga tungkulin kaugnay ng mga bagong regulasyon tungkol sa pagbabakuna laban sa COVID-19

### *Patuloy na pagsubaybay*

Ang pagsubaybay sa rekisito ay responsibilidad ng CQC.

Iminumungkahi ng CQC na idagdag ang sumusunod na katanungan sa provider information return (PIR) sa sandaling ipatupad ang mga regulasyon:

'Paano ka nakatitiyak na ang iyong mga ineempleyo at pinapadala na sakop ng iyong serbisyo ay nakatanggap na ng kanilang ipinag-uutos na pagbabakuna?'

Ang CQC ay bubuo rin ng katulad na tanong sa kanilang pamamaraan ng pagsubaybay sa sandaling naitakda na ang tungkuling ito. Ang karagdagang impormasyon ay ibibigay sa takdang panahon.

### *Pagsisiyasat*

Sa pagsisiyasat, ang CQC ay maghahanap ng katibayan upang kumpirmahing may mga sistema at proseso alinsunod sa kinakailangan.

Hindi kinakailangang magpakita ng mismong katibayan ang mga rehistradong tao, ngunit kailangan nilang siguraduhing may mga sistema at proseso upang matiyak na ang mga indibidwal na pumapasok sa pasilidad ay ganap na nabakunahan o hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna. Maaaring magpasyang gumawa ang mga rehistradong tao ng record ng katibayan na nakita nila para sa kanilang sariling internal record sa pag-empleyo ng mga kawani. Kung ang katibayan ay nakolekta at naitala, ang lahat ng personal na data ay dapat pangasiwaan alinsunod sa UK GDPR. Kasama rito ang pagbibigay sa mga indibidwal ng impormasyon ukol sa privacy habang kinokolekta ang kanilang data. Mangyaring sumangguni sa patnubay mula sa Opisina ng Information Commissioner upang matiyak na mayroon kang naaangkop na batayan ayon sa batas, nakatakdang mga hakbang panteknikal at panseguridad upang maprotektahan ang mga personal na data.

### *Pagpapatupad*

Ang anumang mangyayaring pagpapatupad na gawain dahil sa hindi pagsunod sa mga binagong regulasyon ay isasagawa ayon sa naaangkop, at batay sa pagsusuri ng CQC sa epekto sa kalidad ng pangangalaga at kaligtasan ng mga tao, alinsunod sa umiiral na patakaran ng pagpapatupad ng CQC. Magpapasya ang CQC kung anong aksyon ang gagawin ayon sa naaangkop at alinsunod sa kanilang normal na pamamaraan sa pagpapatupad.

Mayroong karagdagang impormasyon sa patakaran ng pagpapatupad ng CQC.

### *Suporta para sa mga tagapamahala at rehistradong tao*

Binabalangkas ng seksyong ito ang mga mapagkukunan na kasalukuyang magagamit ng mga rehistradong tao para suportahan silang sumunod sa mga regulasyon.

### *Mga mapagkukunan upang suportahan ang komunikasyon sa mga tauhan para hikayatin ang pagpapabakuna*

Mayroong iba't ibang mapagkukunan para suportahan ang mga rehistradong tao at kawani na magkaroon ng pag-uusap tungkol sa kaligtasan at pagiging epektibo ng bakuna, pati na rin suportang pinansyal upang makapagpabakuna.  Higit pang impormasyon at mga link sa mga mapagkukunang ito ay matatagpuan sa panimula.

### *Platform ng Skills for Care*

Gumawa ang Skills for Care ng isang natatanging one stop webpage na pinagsasama-sama ang iba't ibang suporta, impormasyon at mapagkukunan upang suportahan ang mga tagapag-empleyo sa pangangalagang panlipunan na ipagpatuloy ang pagkalap at pagpapanatili ng kanilang kawani sa isang mapaghamong sitwasyon.

Kasama sa mga mapagkukunan ang:

- pagpaplano at pagtatalaga sa mga empleyado
- pamamahala ng trabahong isinasagawa ng mga tao
- gabay sa pangangasiwa
- mga mapagkukunan tungkol sa kapakanan
- pangangalap batay sa mga pinahahalagahan at mga mapagkukunan sa pagpapanatili ng mga empleyado
- modelo ng pagiging produktibo ng manggagawa

### *Mabuting kaugalian sa pag-eempleyo*

Isinama namin ang patnubay sa mabuting kaugalian sa pag-eempleyo sa Annex A.

# Patnubay para sa mga kawani

## Ano ang kahulugan ng patakaran para sa iyo

Simula ika-11 ng Nobyembre 2021, isasabatas na ang pagkakaroon ng kumpletong kurso ng awtorisadong bakuna laban sa COVID-19 ng sinumang pumapasok sa isang bahay-kalinga. Para sa mga kawani ng bahay-kalinga, nangangahulugan ito na maaari ka lamang magpatuloy na magtrabaho sa loob ng isang bahay-kalinga kung nabakunahan ka na, maliban na lang kung ikaw ay:

- wala pang 18 taong gulang
- hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon

Mayroong iba pang group ng mga tao na maaaring pumasok sa bahay-kalinga at maaaring hindi kailangang magpakita na nabakunahan sila.

## Pangunahing mga petsa




Mga pangunahing petsa na dapat tandaan:

- Ika-22 ng Hulyo (nagsisimula ang palugit sa araw na ito)
- Ika-16 ng Setyembre (huling petsa para sa mga manggagawa sa bahay-kalinga na tumanggap ng kanilang unang dosis para ganap na bakunado na sila sa oras na ipatupad ang mga regulasyon)
- Ika-11 ng Nobyembre (pagpapatupad ng mga regulasyon)

## Paano patunayan ang iyong katayuan sa pagbabakuna

Isinasaalang-alang ng NHSX kung paano maaaring magamit ang serbisyong NHS COVID Pass para suportahan ang mga rehistradong tao at kawani upang ma-check at mapatunayan ang katayuan sa pagbabakuna.

Samantala, kung nabakunahan ka ng NHS sa England, maaari mong ipakita ang iyong record ng pagbabakuna laban sa COVID-19 gamit ang serbisyong NHS COVID Pass sa pamamagitan ng sumusunod na 3 paraan:

- ang NHS App
- ang NHS website – NHS.uk
- NHS COVID Pass na sulat

Hindi maaaring gamitin ang iyong NHS appointment card bilang katibayan ng katayuan sa pagbabakuna.

Kung ikaw ay nabakunahan sa Scotland, makakahanap ka ng impormasyon sa kung papaano makakakuha ng record ng iyong katayuan sa pagbabakuna laban sa COVID-19 sa nhsinform.scot. Kung ikaw ay nabakunahan sa Wales makakahanap ka ng impormasyon sa kung papaano makakakuha ng record ng iyong katayuan sa pagbabakuna laban sa COVID-19 sa gov.wales.

Batid namin na ang ilang indibidwal ay nabakunahan sa labas ng UK. Gumagawa kami ng solusyon para dito at magbibigay ng karagdagang patnubay ukol sa maaaring tanggaping katibayan para dito sa lalong madaling panahon.

## Responsibilidad sa pag-check kung ang mga tao ay nabakunahan o hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna

Ang mga rehistradong tao (ang taong nakarehistro sa CQC bilang tagapamahala o tagapagkaloob ng serbisyo) ay may pangunahing pananagutang tiyakin na ang lahat ng pumapasok sa bahay-kalinga ay nabakunahan o hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna. Pinapayuhan silang gamitin ang kanilang propesyonal na pagpapasya kapag nag-uutos ng mga pag-check sa iba pang mga kawani.

Kung ikaw ay hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna, hindi malalaman ng rehistradong tao ang dahilan ng iyong pagiging hindi saklaw, ang malalaman lang niya ay hindi ka saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna.

## Mga hindi pagsaklaw

Ang pagbabakuna ay maaaring hindi angkop para sa iyo sa mga kadahilanang klinikal. Sa pagkakataong ito, maaari kang humingi ng pag-apruba ng isang doktor na ikaw ay hindi saklaw ng rekisitong ito.

Magkakaroon ng isang malinaw na proseso na susundin mo kung sa iyong palagay ay maaaring mayroon kang kadahilanang klinikal para maging hindi nasasaklaw. Ang prosesong ito ay iaayon sa sertipikasyon para sa mga lokal na kaganapan, mga hindi kasama sa inaatas na pagbubukod ng sarili para sa mga kumpirmadong

pakikisalamuha sa may sakit at paglalakbay. Binubuo ang patnubay para sa sertipikasyon at maglalagay kami ng isang link dito sa patnubay na ito sa sandaling mai-publish ito.

Dapat gumawa ang mga tagapamahala ng isang pagsusuri sa panganib para sa mga hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna. Nangangahulugan ito na susuriin nila ang potensyal na panganib ng pagkalat ng COVID-19 dulot ng mga hindi nabakunahan (ngunit hindi saklaw ng rekisito) na mga kawaning pumapasok sa bahay-kalinga. Maaari silang gumawa ng mga hakbang upang makatulong na mabawasan ang panganib na ito, halimbawa sa pamamagitan ng paghiling sa mga kawaning hindi saklaw na magsuot ng higit pa o ibang PPE o sa pamamagitan ng pagmumungkahi ng pagpapalit ng kanilang mga tungkulin.

### Pagtatalaga sa ibang puwesto

Kung hindi ka makapagbigay ng patunay ng pagpapabakuna o pagiging hindi saklaw nito, dapat suriin ng iyong tagapamahala ang lahat ng opsyon mo. Maaaring kasama rito ang paglipat sa iyo sa isang alternatibong tungkulin kung saan hindi kinakailangan ang pagpapabakuna. Dapat kang makipag-usap sa iyong tagapamahala tungkol sa mga opsyon mo sa lalong madaling panahon. Hindi mo dapat ipagpalagay na posible para sa iyo na maitalaga sa ibang puwesto.

### Pagpapaalis

Kung hindi ka makapagbigay ng patunay ng pagpapabakuna o pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna, dapat suriin ng iyong tagapamahala ang lahat ng opsyon mo. Gayunpaman, dapat mong tandaan na ang mga regulasyon ay maaaring magbigay ng isang makatarungang dahilan para sa pagpapaalis kung hindi ka nabakunahan o hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon.

### Mga alalahanin tungkol sa bilang ng kawani sa mga bahay-kalinga

Ang mga bahay-kalinga ay dapat mayroon nang mga plano para sa mga di-inaasahan kung saan saklaw ang mga kaganapan na maaaring makaapekto sa ligtas na pagpapatakbo ng serbisyo. Karaniwang kasama rito ang kakulangan sa kawani.

Kung saan posible, inaasahan naming gumawa ng makatuwirang mga hakbang ang rehistradong tao para mapunan nila mismo ang kakulangan sa kawani sa panandaliang panahon sa pamamagitan ng paggamit ng kawani ng bangko o ahensya. Kung wala silang ganitong opsyon, dapat nila itong i-hudyat sa lokal na awtoridad na maaaring mag-alok o magdirekta sa nakarehistrong tagapagkaloob sa mga mapagkukunan ng tulong. Mababasa ang patnubay para sa mga lokal na awtoridad sa Patnubay para sa mga lokal na awtoridad.

Kung ang nakarehistrong tagapagkaloob ay nag-aalala na nakakaapekto ang dami ng kawani sa kanilang kakayahang mapatakbo ang serbisyo nang ligtas, iniaatas sa kanilang abisuhan ang CQC sa ilalim ng Regulasyon 18 (2) (g) ng Mga Regulasyon ng Care Quality Commission (Pagpaparehistro) ng 2009: anumang kaganapan na

pumipigil, o lumilitaw na malamang na nagbabantang makapagpigil sa kakayahan ng tagapagkaloob ng serbisyo na magpatuloy na isagawa ang pinapangasiwaang aktibidad nang ligtas, o alinsunod sa mga kinakailangan sa pagpaparehistro, kasama ang hindi sapat na bilang ng mga angkop na kwalipikado, may kasanayan at may karanasan na mga taong pinapagtrabaho para sa mga layunin ng pagpapatupad ng pinangangasiwaang aktibidad.

Nagbigay ang CQC ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga abiso na ayon sa batas.

Gumawa ang ACAS ng pantubay sa pagbibigay-alam ng mga isyu sa iyong tagapag-empleyo.

## Iba pang mga hakbang (bukod sa pagbabakuna) na dapat ay naihanda ng iyong tagapag-empleyo

Mahalaga na ang lahat ng mga pumapasok sa mga bahay-kalinga ay patuloy na sundin ang mga hakbang sa pagkontrol sa pagpigil sa pagkakahawa, upang mabawasan ang panganib na makahawa.

Mababasa ang patnubay sa kung paano kumilos nang ligtas gamit ang PPE.

Mababasa ang patnubay sa kung paano i-access ang mga test kit at kung paano gamitin ang PCR at ang mga rapid lateral flow test kit.

Mababasa ang patnubay sa kung paano mag-claim ng iniaataas na sick-pay kung nagbubukod ka ng sarili.

## Ano ang magagamit na suporta

Kung nag-aalala ka o mayroong anumang mga katanungan tungkol sa pagpapabakuna, hinihikayat ka namin na makipag-usap sa iyong nakarehistrong tagapamahala o sa iyong doktor upang matulungan kang makagawa ng isang may kaalamang pagpapasya. Gumawa ang gobyerno ng isang hanay ng mga mapagkukunan, na ang lahat ay magagamit sa 19 iba't ibang mga wika. Links to these resources can be found in the introduksyon.

## Paano makukuha ang bakuna

Patnubay sa pagbabakuna sa COVID-19: pag-book ng appointment ay magagamit.

### *Ika-1 Sitwasyon: kung wala ka pang 18 taong gulang*

Hindi mo kailangang ipakita ang patunay ng pagpapabakuna o pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna kung ikaw ay wala pang 18 taong gulang. Gayunpaman, sa sandaling maging 18 taong gulang ka na, hindi mo na maipagpapatuloy ang pagtatrabaho sa isang bahay-kalinga kung hindi ka nabakunahan. Dapat mong planuhin na makakuha ng buong kurso ng isang bakuna laban sa COVID-19 na inaprubahan ng MHRA bago ka maging 18 taong gulang - nangangahulugan ito ng pag-book ng iyong unang dosis ng bakuna kahit 8 linggo

bago ang iyong ika-18 kaarawan. Kung ikaw ay frontline na manggagawang pangkalusugan at sa pangangalaga at ikaw ay lampas sa edad na 16, karapat-dapat ka para sa isang bakuna. Kung hindi ka kasalukuyang manggagawang pangkalusugan o sa pangangalaga, bibigyan ka ng bakuna 3 buwan bago ang iyong ika-18 kaarawan.

*Ika-2 Sitwasyon: kung nakatira ka sa Scotland o Wales ngunit nagtatrabaho sa England*

Dahil ang batas na ito'y nalalapat sa sinumang pumapasok sa isang bahay-kalinga sa England, kailangan kang mabakunahan. Individuals vaccinated in Scotland can find information on how to obtain a record of their COVID-19 vaccination status from nhsinform.scot. Individuals vaccinated in Wales can find information on how to obtain a record of their COVID-19 vaccination status from gov.wales.

# Patnubay para sa mga lokal na awtoridad

Mula ika-11 ng Nobyembre 2021, dapat pahintulutuan lang ng mga bahay-kalinga ang mga indibidwal na ganap na bakunado laban sa COVID-19 (o hindi saklaw nito) na pumasok sa loob ng isang bahay-kalinga. Ang karagdagang detalye ng patakaran ay nakalagay sa seksyon sa patakaran. Ang detalye ng kinakailangang ebidensya ay nasa Pangkalahatang patnubay sa pagpapakita ng katibayan , at detalye sa pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon ay nasa Pangkalahatang patnubay sa pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon . Ang mga lokal na awtoridad ay may mahalagang papel sa pagpapatupad ng mga regulasyong ito.

Sa buong pandemyang ito, ang mga lokal na awtoridad ay nagsasagawa ng karagdagang responsibilidad nang may dedikasyon at pagkalinga. Ginampanan nila ang isang mahalagang papel sa paglunsad ng pagbabakuna sa mga bahay-kalinga at pagsuporta sa mga tagapagkaloob upang matiyak na ang mga bahay-kalinga ay ligtas hangga't maaari.

Bilang mga tagapag-empleyo na nagpapatakbo ng mga bahay-kalinga, ang patnubay na nakalagay sa Patnubay para sa mga rehistradong tao ay nalalapat sa mga lokal na awtoridad.

Bilang mga tagapag-empleyo, at kontratista, ng mga bumibisitang propesyonal, ang patnubay na nakalagay sa Patnubay para sa mga bumibisitang propesyonal ay nalalapat sa mga lokal na awtoridad.

Bilang mga komisyonado ng mga bahay-kalinga, ang mga lokal na awtoridad ay dapat na patuloy na makipagtulungan sa mga bahay-kalinga upang matulungan silang magkaroon ng kumpiyansa sa bakuna. Dapat din nilang tulungan na matiyak ang pag-access sa mabilis na pagbabakuna para sa mga magpapasya na kunin ang alok na ito. Kasama sa mga halimbawa ng gawaing ito ang:

- pagpapabilis ng mga pag-uusap sa pagitan ng mga doktor at indibidwal na nag-aalangan upang tugunan ang kanilang mga alalahanin
- pagsuporta sa mga rehistradong tagapamahala upang magkaroon ng bukas na mga pag-uusap sa mga nag-aalangan na kawani

- pagsasaayos ng mga pag-uusap sa mga komadrona para sa mga alalahanin tungkol sa epekto sa kakayahang magbuntis
- pakikipagtulungan sa lokal na NHS upang ayusin ang mga pagbisita ng mga GP sa mga bahay-kalinga upang mabakunahan ang mga kawani at residente
- pagbibigay ng pag-access sa mga pinasadyang mapagkukunan (webinar, mga Q&A, isa-sa-isang pagpupulong) mula sa mga mapagkakatiwalaang mapagkukunan, at pagdidirekta sa mga mapagkukunan mula sa Kagawaran ng Pangangalagang Pangkalusugan at Panlipunan
- pagtitiyak na ang mga tagapagkaloob ay may magagamit na pondo sa kanila sa pamamagitan ng Infection Control Fund - makakatulong ito na bayaran ang mga kawani ng kanilang karaniwang sahod para pumasok sa trabaho o pumunta sa isang pasilidad sa pagbabakuna para sa mga hangaring mabakunahan, at makakatulong din na masakop ang mga gastos na nauugnay sa pagpunta sa isang pasilidad sa pagbabakuna
- pakikipag-ugnayan sa mga pinuno ng lokal na pamayanan at pananampalataya upang magkaroon ng kumpiyansa sa bakuna

Ang gawaing ito ay naaayon sa tungkulin ng mga lokal na awtoridad bilang mga tagapagkaloob ng lokal na mga serbisyo sa pampublikong kalusugan. Ang mga lokal na awtoridad ay may mahalagang papel bilang mapagkukunan ng payo ng mga bahay-kalinga tungkol sa pagkontrol sa impeksyon at pagsuporta sa pagpapabakuna.

Ang mga lokal na awtoridad ay dapat ding nakikipagtulungan sa mga bahay-kalinga upang suportahan sila na suriin at palakasin ang kanilang mga plano sa pagpapatuloy ng negosyo. Dapat ding suriin ng mga lokal na awtoridad ang kanilang sariling mga plano sa pagpapatuloy upang maging malinaw sa potensyal na epekto nito sa mga lokal na serbisyo at makapagresponde. Halimbawa, sa pamamagitan ng pag-aaral ng emerhensyang pagtatalaga ng mga kawani at mutual aid sa mga mapagkukunang bahay-kalinga kung sakaling magkaroon ng kakulangan sa kawani.

Tulad ng nabanggit sa itaas, dapat magsikap ang mga lokal na awtoridad upang matiyak na matutugunan ng mga pribadong tagapagkaloob ang kinakailangan sa pagtatapos ng 16 na linggong palugit. Dapat din nilang tiyakin na ang kanilang sariling mga bahay-kalinga ay nagsisikap na makasunod at na sila ay maaaring magpatuloy na magbigay ng mga serbisyo.

## Naka-target na suporta para sa mga lokal na awtoridad

Nakikipagtulungan kami sa Skills for Care upang matiyak na mayroong mga mapagkukunan. Kasama rito ang patnubay at pinakamainam na kasanayan upang suportahan ang mga tagapagkaloob at mga lokal na awtoridad sa kapasidad at pagpaplano ng bilang, paghanap/pag-recruit at kapakanan ng mga manggagawa. Ang Skills for Care ay magkakaloob din ng suporta sa lokal at pambansang workforce sa mga lokal na awtoridad at tagapag-empleyo.

Patuloy kaming makikipagtulungan sa mga lokal na awtoridad upang maghimok ng pagpapabakuna at tiyakin ang pag-access sa mga bakuna, lalo na sa mga lugar na may pinakamababang pagpapabakuna. Patuloy naming susuriin ang pangangailangan para sa karagdagang suporta. May masasangguniang mga mapagkukunan ng Skills for Care.

### Karagdagang suporta

Ang mga lokal na awtoridad ay maaaring humingi ng karagdagang suporta mula sa Impormasyon sa serbisyo ng Asosasyon ng Lokal na Pamahalaan patungkol sa COVID-19 at ang Association of Directors of Adult Social Services sa England (ADASS).

## Patnubay para sa mga residente at kamag-anak at kaibigan ng mga residente

### Ano ang nagbabago

Mula ika-11 ng Nobyembre 2021, dapat pahintulutan lang ng mga bahay-kalinga ang mga indibidwal na ganap na bakunado laban sa COVID-19 (o hindi saklaw nito) na pumasok sa loob ng isang bahay-kalinga. Hindi kasama rito ang:

- Mga residente
- mga indibidwal na nagbibigay ng tulong na pang-emerhensya at mga miyembro ng mga nagkakaloob ng serbisyong pang-emerhensya
- mga indibidwal na nagbibigay ng kagyat na tulong sa pagmementina
- Mga kaibigan o kamag-anak ng residente
- mga indibidwal na bumibisita sa mga residente na nasa bingit ng kamatayan o nag-aalok ng suporta sa pagdadalamhati
- mga taong wala pang 18 taong gulang

Mababasa ang karagdagang detalye ng patakaran sa seksyon ng patakaran. Ang mga detalye ng kinakailangang ebidensya ay nasa Pangkalahatang patnubay sa pagpapakita ng katibayan, at ang detalye sa pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon ay nasa Pangkalahatang patnubay sa pagiging hindi saklaw sa kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon.

### Paano makakaapekto sa iyo ang mga pagbabagong ito

Inilunsad ang patakarang ito upang matiyak ang kaligtasan mo, ng ibang mga residente at kawani upang mabawasan ang panganib na kumalat ang COVID-19 sa bahay-kalinga.

Para sa karagdagang impormasyon kung bakit mahalaga ang pagbabakuna, mangyaring tingnan ang panimula ng dokumentong ito.

### Ano ang mangyayari sa iyong pangangalaga kung ang mga taong nangangalaga sa iyo ay hindi nabakunahan

Nakikipagtulungan kami sa mga tagapagkaloob ng pangangalaga upang matulungan silang suportahan ang lahat ng kanilang kawani na kunin ang pagkakataong mabakunahan. Kailangang magbigay ang kawani ng katibayan ng pagpapabakuna laban sa COVID-19 o pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon bago ng ika-11 ng Nobyembre 2021. Kung hindi ito

maibigay ng isang kawani, maaari silang magsimulang magtrabaho sa ibang tungkulin at hindi mo na makakasama sa trabaho. Kung nag-aalala ka o may mga katanungan tungkol dito, mangyaring makipag-usap sa isang kawani o sa tagapamahala ng inyong bahay-kalinga.

Kung ang sinumang kawani ay umalis sa sektor, may patnubay at mga mapagkukunan para sa mga tagapagkaloob. Titiyakin nitong makakakuha sila ng angkop na kapalit na maaaring magbigay ng pangangalaga na kailangan mo.

Habang nalalapat ang mga medikal na exemption, hindi lahat ng kawani ay makakatanggap ng bakuna dahil ang ilan ay maaaring may dahilan na nauugnay sa kalusugan kung bakit hindi ito maaari. Kung nag-aalala ka tungkol dito, maaari kang makipag-usap sa isang kawani o sa tagapamahala ng inyong bahay-kalinga.

### Pagbisita sa mga mahal sa buhay sa bahay-kalinga

Ang patakaran ay hindi nalalapat sa pamilya at mga kaibigan ng mga residente ng bahay-kalinga.

### Mga bisita na hindi kapamilya o kaibigan

Kung nag-aanyaya ka ng mga propesyonal (halimbawa, mga tagagupit ng buhok) sa bahay-kalinga, nalalapat ang rekisito sa kanila. Dapat kang makipag-usap sa isang kawani o tagapamahala ng inyong bahay-kalinga upang talakayin kung paano sila makakasunod sa kinakailangan.

### May suportang available kung walang sapat na bakunadong kawani ang bahay-kalinga

Malabong maapektuhan sa ganitong paraan ang bahay-kalinga. Binigyan namin ang mga bahay-kalinga ng 16 na linggong abiso upang bigyan sila ng oras upang makipagtulungan sa mga kawani na hindi pa nababakunahan. Makakatulong ito upang matiyak na matutugunan nila ang kanilang mga kinakailangang iniaatas ng batas bilang isang tagapagkaloob ng pangangalaga sa iyo. Alam namin na maraming mga bahay-kalinga ang patuloy na aktibong naghihikayat ng mga kawani na nabakunahan na upang sumali sa kanilang grupo.

Mayroong suportang ibinibigay kung may mga alalahanin ang mga bahay-kalinga tungkol sa kanilang kakayahang ligtas na makapaglaan ng mga kawani para sa serbisyo. Kasama rito ang pagbibigay-alam ng mga bahay-kalinga ng kanilang mga alalahanin sa lokal na awtoridad at sa Care Quality Commission. Ang mga bahay-kalinga ay dapat ding makipagtulungan sa mga kasamahan sa sektor upang matiyak na maaari nilang ipagpatuloy ang pangangalaga sa iyo nang ligtas.

Kung mayroon kang anumang iba pang mga katanungan tungkol sa patakarang ito at kung paano ito maaaring makaapekto sa iyo at sa iba pang mga residente, mangyaring makipag-usap sa isang kawani o tagapamahala ng inyong bahay-kalinga.

# Patnubay para sa mga bumibisitang propesyonal

Mula ika-11 ng Nobyembre 2021, dapat pahintulutan lang ng mga bahay-kalinga ang mga indibidwal na ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 (o hindi saklaw nito) na pumasok sa loob ng isang bahay-kalinga. Nalalapat ang rekisitong ito sa mga bumibisita sa isang bahay-kalinga sa isang propesyonal na kakayahan maliban kung hindi saklaw ng rekisito.

Mababasa ang karagdagang detalye ng patakaran sa seksyon ng patakaran. Ang detalye ng kinakailangang ebidensya ay nasa Pangkalahatang patnubay sa pagpapakita ng katibayan, at ang detalye sa pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon ay nasa Pangkalahatang patnubay sa pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon.

## Saklaw

Ang isang malawak na hanay ng mga tao na hindi nakatira sa isang bahay-kalinga ay maaaring kailanganin na pumasok sa isang bahay-kalinga bilang bahagi ng kanilang trabaho. Kasama rito ang mga pampublikong lingkod kabilang ang bumibisitang mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o mga manggagawa sa pangangalagang panlipunan, pati na rin ang mga naghahatid ng mga serbisyong hindi pangangalaga tulad ng paggupit/pag-aayos ng buhok, pagmementina, o mga aktibidad.

Mangyaring pumunta sa seksyon ng patakaran upang makita kung nalalapat ito sa iyo.

## Mga pagbisitang emerhensya

Nagbibigay ang mga regulasyon ng pagbubukod kung makatuwirang kinakailangan ito para makapagbigay ang isang tao ng agarang pagmementina o tulong na pang-emerhensya na nauugnay sa bahay-kalinga.

Matutukoy ng nakarehistrong tagapamahala ng bahay-kalinga kung ano ang maaaring maituring na emerhensya para sa kanilang sariling lugar. Nalalapat ang pagiging hindi saklaw sa lahat ng kawani na nagbibigay ng pang-emerhensyang serbisyo sa mga bahay-kalinga sa pagpapatupad ng kanilang mga tungkulin. Nalalapat din ang pagiging hindi saklaw sa isang taong papasok sa bahay-kalinga para sa tulong na pang-emerhensya para sa isang insidente sa mismong bahay-kalinga.

Inaasahan namin na mailalapat lamang ang agarang tulong sa pagmementina kung saan may makabuluhang epekto sa kalidad ng pangangalaga ng mga residente o panganib sa buhay.

## Mga hindi saklaw

Ang mga hindi saklaw ng rekisito ay maaari lamang mailapat para makapagbigay ang isang tao ng agarang pagmementina o tulong na pang-emerhensya na nauugnay sa bahay-kalinga. Ang magpapasya tungkol dito ay ang nakarehistrong tagapamahala ng bahay-kalinga.

## Katibayan

Mangyaring sumangguni sa Pangkalahatang patnubay sa pagpapakita ng katibayan para sa katibayan ng pagpapabakuna at Pangkalahatang patnubay sa pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon para sa katibayan ng pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon.

## Pananagutan

Pananagutan ng nakarehistrong tagapamahala na kumpirmahing ang mga papasok ay may tamang patunay ng pagpapabakuna o pagiging hindi saklaw nito. Gayunpaman, dapat mong tiyakin na ikaw at ang iyong kawani ay may tamang patunay dahil baka hindi ka makapasok sa bahay-kalinga. Ang nakarehistrong tagapamahala ng bahay-kalinga ay maaari ding humiling na isama ang rekisitong ito sa anumang kontrata sa pagitan ng bahay-kalinga at ng inyong tagapag-empleyo.

## Mga Apprentice/Baguhan (posibleng wala pang 18 taong gulang)

Ang mga frontline na kawaning pangkalusugan at para sa pangangalaga na lampas sa edad na 16 ay karapat-dapat para sa isang bakuna. Dapat tiyakin ng mga indibidwal na ito na makakuha sila ng kumpletong kurso ng naaprubahang bakuna ng MHRA bago sila maging 18 taong gulang.

Ang iba pang mga bumibisitang propesyonal ay hindi makakapasok sa bahay-kalinga hanggang sa magkaroon sila ng kumpletong bakuna laban sa COVID-19. Ang lahat ng 17-taong-gulang ay maaaring mag-book ng pagpapabakuna, hanggang sa 3 buwan bago ang kanilang ika-18 kaarawan.

Ang mga apprentice/baguhan na wala pang 18 taong gulang ay hindi saklaw ng rekisito at samakatuwid ay maaaring makapasok sa bahay-kalinga nang hindi na kailangang patunayan ang katayuan ng kanilang pagpapabakuna. Gayunpaman, dapat silang makapagbigay ng katibayan na wala pa silang 18 taong gulang bago pumasok sa bahay-kalinga.

## Mga nakapaligid na lugar sa bahay-kalinga

Ang mga regulasyon ay hindi nalalapat sa anumang nakapalibot na lugar sa bahay-kalinga. Ang sinumang bumibisitang propesyonal na nagtatrabaho lamang sa bakuran, at hindi pumapasok sa gusali ay hindi kailangang magpakita ng patunay ng pagpapabakuna o pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna. Gayunpaman, kung regular kang bumibisita sa isang bahay-kalinga, inirerekumenda namin sa iyo na kumuha ng tamang patunay ng pagpapabakuna o pagiging hindi

saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna. Ito ay dahil maaari kang regular na makipag-ugnay sa mga gumagamit ng serbisyo at kawani ng serbisyo at hihilingin sa iyo na magbigay ng katibayan bago pumasok.

### PPE

Ang mga hakbang sa pagkontrol sa pagpigil ng pagkakahawa tulad ng PPE ay kinakailangan pa rin sa mga lugar ng pangangalagang pantirahan. Ang mga kinakailangang PPE ay mananatili alinsunod sa kasalukuyang patnubay ng gobyerno sa kung paano magtrabaho nang ligtas sa mga bahay-kalinga. Inirerekumenda naming suriin mo ito muna upang matiyak ang wastong pagtalima.

# Annex A: Mahusay na kasanayan sa pag-eempleyo

### Payo sa pagpapanatili at pagkuha ng tauhan – Skills for Care

Gumawa ang Skills for Care ng isang nakalaang one-stop-webpage. This brings together a range of support, information and resources to support social care employers to retain staff and, where needed, to recruit new staff. Kasama rito ang mga halimbawang kaso kung saan matagumpay na hinihikayat ng mga tagapag-empleyo ang kanilang mga kawani na magpabakuna bago pa ipinatupad ang patakarang ito Makakatulong ang mga ito na maibahagi ang mahusay na kasanayan mula sa buong sektor.

### Patakaran

Dapat isaalang-alang ng mga bahay-kalinga na gumamit ng nakasulat na patakaran sa pagbabakuna. Maaaring masakop nito ang mga bagay na tulad ng:

- kung may karapatang magpahinga (time off) mula sa trabaho (mayroon o walang suweldo) ang kawani na lampas 18 taong gulang upang mabakunahan o makakuha ng katibayan ng  ng pagiging hindi saklaw sa kinakailangang pagbabakuna dahil sa medikal na kondisyon
- ang oras kung kailan aasahan ng isang bahay-kalinga ang katibayan ng pagpapabakuna o ng pagiging hindi saklaw nito. Matitiyak nito na mapaplano nito ang workforce at gumawa ng pormal na mga hakbang na nauugnay sa kawani na higit sa 18 taong gulang na hindi pa nabakunahan o hindi rin kabilang sa hindi saklaw ng kinakailangang pagbabakuna dahil sa medikal na kondisyon.
- anumang kaayusan na nauugnay sa pagliliban sa trabaho kung ang mga kawani ay nakakaranas ng mga epekto mula sa pagbabakuna. Halimbawa, maaaring mas mabuting iwasang ipabakuna ang isang malaking bilang ng mga kawani sa iisang araw.
- paano mapoproseso ang data tungkol sa pagbabakuna o pagiging hindi saklaw nito
- kung paano ilalapat ang anumang pormal na patakaran sa mga kawani na hindi makasunod sa kinakailangan
- kung paano matutugunan ang mga kinakailangan sa pagpapabakuna ng mga bagong pasok na empleyado at kawani ng ahensya
- anumang isyu sa pagkakapantay-pantay na lilitaw mula sa pagsunod sa mga regulasyon (tingnan ang seksyon sa Batas sa Pagkakapantay-pantay ng 2010)

## Patnubay mula sa Advisory, Conciliation and Arbitration Service (ACAS)

Gumawa ang ACAS ng isang hanay ng mga patnubay. Ito ay dapat na kapaki-pakinabang para sa mga tagapag-empleyo kapag isinasaalang-alang ang mahusay na kasanayan sa pagtatrabaho bilang bahagi ng pagpapatupad ng pagpapabakuna bilang isang kondisyon ng pagpapadala o pagtatalaga ng tauhan.

Pagkuha ng bakuna laban sa coronavirus para sa trabaho

Abiso sa mga pagpapaalis

Mga pamamaraan sa pagdidisiplina at hinaing

Paano ipagbigay-alam ang problema sa trabaho

Pagharap sa isang problemang ipinagbigay-alam ng isang empleyado

Iniangkop na suporta para sa iyong lugar ng trabaho

Pagbibigay-alam at pagkonsulta sa mga empleyado

Mga panahon ng pag-aabiso

Kabayaran sa panahon ng pag-aabiso

Diskriminasyon, pambubully, at panliligalig

Mga makatuwirang pagsasaayos

Pagkuha ng tao para sa trabaho

## Maagap na pakikipag-ugnay sa mga manggagawa

Dapat ipagbigay-alam nang maaga ng mga bahay-kalinga sa kanilang mga manggagawa ang tungkol sa mga bagong regulasyon. Makakatulong ito upang matiyak na ang mga tao ay makakasunod sa mga ito. Maaaring gamitin ng mga bahay-kalinga ang palugit upang:

- pag-isipan at baguhin ang kanilang mga patakaran kabilang ang kung kinakailangan ang anumang pagtatasa ng epekto ng proteksyon ng pribadong impormasyon at data
- magpatupad ng bago o magkakaibang mga kasanayan sa pagtatrabaho

Maaari ding gamitin ang palugit upang makipag-ugnay sa mga kawani at tagapagkaloob ng serbisyo tungkol sa:

- kinakailangang pagpapabakuna
- pangangailangan para sa mga taong higit sa 18 taong gulang na nagbibigay ng trabaho o serbisyo na patunayan na sila’y nabakunahan o hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon
- mga potensyal na kahihinatnan ng hindi pagtugon sa kinakailangan nang nasa oras

## Sama-samang pakikipag-ugnayan

Kung saan kinikilala ang isang unyon o may mga kinatawan ng empleyado, maaaring mayroong isang ligal na tungkulin na kumonsulta. Ito ay sapagkat ang anumang mga hakbang ay maaaring makaapekto sa kalusugan at kaligtasan ng mga kawani.

Kung saan kinikilala ang isang unyon o may mga kinatawan ng empleyado, maaaring ito ang pinakamahusay na forum upang magsimula. Maaari silang makatulong sa pagkonsulta, pag-unawa at pagtugon sa anumang mga isyu na nakakaapekto sa kanilang lahat, at pagtalakay sa mga praktikal na isyu sa pagpapatupad at pagkilos.

Bago at o pagkatapos ng anumang sama-samang pakikipag-ugnayan, maaaring maging kapaki-pakinabang na magbigay ng isang nakasulat na buod sa mga kawani. Maaari itong magamit upang ipaliwanag ang kinakailangan at kung ano ang ibig sabihin nito para sa kanila. Maaaring maiwasan nito ang hindi pagkakaunawaan tungkol sa kung ano ang kinakailangan, at kung ano ang ibig sabihin nito para sa mga kawani.

## Indibidwal na pakikipag-ugnayan

Maaari sa gayong gamitin ang indibidwal na pakikipag-ugnayan at pangangalap ng impormasyon upang matukoy ang mga:

- nabakunahan o hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon, o wala pang 18 taong gulang, at kayang patunayan ito
- nabakunahan o naniniwala na sila ay hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon, ngunit hindi ito kayang patunayan
- hindi pa ganap na nabakunahan ngunit aayusin para ganap na mabakunahan sa oras
- hindi pa ganap na nabakunahan at malamang na hindi ganap na mababakunahan sa oras
- higit sa 18 taong gulang at hindi kabilang sa hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon, ngunit hindi nais na magpabakuna

Maaari nang magsimula ang mga bahay-kalinga na ayusin ang kanilang mga talaan upang maipakita kung aling mga tao ang maayos na napatunayan ang kanilang pagpapabakuna o pagiging hindi saklaw nito.

Inirerekumenda na ang anumang mga alalahanin na binanggit ng isang indibidwal ay dapat na pag-aralan. Dapat mabigyan ang mga kawani ng isang makatuwirang pagkakataon na mabakunahan o makakuha ng katibayan na sila ay hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna bago isagawa ang anumang pormal na pagkilos. Ang mga kahihinatnan ng hindi pagsunod sa kinakailangan ay dapat na malinaw na ipaliwanag. Dapat kasama rito kung kailan dapat masunod ang mga kinakailangan at ano ang mga hakbang na isasagawa kung hindi ito nasunod.

Kailangan ding isaalang-alang ng mga bahay-kalinga ang dami ng kanilang kawani para sa indibidwal na konsultasyon. Kailangang isaalang-alang ng bahay-kalinga kung dapat bang palitan ang kawani o gumawa ng iba pang mga kaayusan upang

gumana nang naaayon kung hindi makapagpadala o makapagtalaga ng mga kasalukuyang kawani.

Kapag wala sa trabaho ang mga kawani, halimbawa nasa maternity leave, bakasyon, o pangmatagalang sick leave, dapat magsagawa ang mga bahay-kalinga ng naaangkop na kaayusan sa tamang panahon. Ito ay upang maiwasan ang kakulangan ng kaalaman tungkol sa kinakailangan na nagiging hadlang sa pagbabalik sa trabaho sa tamang oras.

Kailangan ding magplano ng mga bahay-kalinga para sa mga kawani na wala pang 18 taong gulang sa ika-11 ng Nobyembre 2021 ngunit magiging 18 taong gulang pagkatapos. Ito ay dahil malalapat ang pangangailangan na mabakunahan o maging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon kapag naging 18 taong gulang ang isang kawani.

## Mga kawani na hindi nabakunahan o hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna

Kung ang isang miyembro ng mga kawani ay hindi nabakunahan at hindi makapagbigay ng ebidensya na siya ay hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna, dapat alamin ng mga bahay-kalinga ang lahat ng opsyon. Kasama rito ang pagtatalaga sa anumang alternatibong tungkulin kung saan hindi kinakailangan ang pagpapabakuna o pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon. Maaaring kasama rito ang mga tungkulin na walang direktang pakikipag-ugnay sa mga residente sa labas ng bahay-kalinga (halimbawa, sa isang punong tanggapan).

Maaaring kailanganing isaalang-alang ng mga bahay-kalinga ang bayad o hindi bayad na leave para sa kanilang mga kawani. Hindi ito puwedeng maging isang pangmatagalang solusyon, dahil walang limitasyon sa oras ang mga regulasyon. Maaaring naaangkop ang leave kung nagpakita ang isang manggagawa ng hangaring magpabakuna nang ganap ngunit hindi nakumpleto ang buong kurso pagdating ng ika-11 ng Nobyembre 2021. Maaari din itong mailapat kung saan may mga pagkaantala sa pagkuha ng katibayan ng pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon.

Dapat ipagbigay-alam ng mga bahay-kalinga ang iskedyul na kanilang susundin nang maaga hangga't maaari at maging malinaw tungkol sa kung ano ang mangyayari kung ang mga manggagawa ay nagkamali ng pagbibigay-alam ng mga iskedyul. Kailangang mapahintulutan ng mga iskedyul na masunod ang anumang pormal na proseso at maibigay ang abiso ng pagkatanggal sa trabaho kung kinakailangan.

Maaaring kailangang isaalang-alang ng ilang bahay-kalinga – pagkatapos magamit ang lahat ng pwedeng alternatibong opsyon - ang pagpapaalis sa mga empleyado o pagwawakas ng mga kontrata ng mga manggagawa. Nalalapat lamang dapat ito sa mga higit sa 18 taong gulang na hindi nabakunahan at hindi nakakuha ng katibayan ng pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon. Kung ito ang kaso, dapat sumunod ang mga bahay-kalinga, sa lahat ng

oras, sa batas sa pag-eempleyo at pagkakapantay-pantay at sumunod sa mahusay na kasanayan sa pag-eempleyo.

## Makatarungang pagpapaalis

Ang mga empleyado na patuloy na nagtatrabaho sa kanilang tagapag-empleyo (o sa mga nauugnay na tagapag-empleyo) sa loob ng 2 taon ay karaniwang may karapatan na hindi matanggal sa di makatarungang dahilan.

Ang mga manggagawa ay walang kahalintulad na proteksyon laban sa pagpapaalis nang hindi makatuwiran, ngunit ang parehong mga manggagawa at empleyado ay protektado sa ilalim ng Batas sa Pagkakapantay-pantay ng 2010 (tingnan sa ibaba).

Ang isang empleyado ay maaaring makatuwirang matanggal kung:

- may potensyal na makatarungang dahilan para sa pagpapaalis
- ang dahilan ay sapat upang bigyang-katuwiran ang pagpapaalis
- ang tagapag-empleyo ay sumunod sa isang makatarungang pamamaraan

## Makatarungang mga dahilan upang tanggalin ang mga tauhan na hindi sumusunod sa mga regulasyon

Ang mga regulasyon ay maaaring magbigay ng isang makatarungang dahilan upang paalisin ang isang empleyado na higit sa 18 taong gulang na hindi nabakunahan o hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon.

Ang isang potensyal na makatarungang dahilan ay maaaring:

- ang empleyado ay hindi maaaring magpatuloy sa pagtrabaho sa kanyang posisyon nang hindi lumalabag ang tagapag-empleyo sa isang tungkulin o paghihigpit na ipinataw o sa ilalim ng isang batas/kautusan, o
- iba pang makabuluhang dahilan na nagbibigay-katuwiran sa pagpapaalis sa isang empleyado na may hawak ng posisyon na hinawakan ng empleyado

Kung saan posible ito, sa ilalim ng kontrata ng pag-eempleyo, na italaga sa ibang puwesto ang isang empleyado, ang mga kadahilanang ito para sa pagpapaalis ay maaaring hindi angkop. Ito ang magiging kaso kung ang empleyado ay maaaring ilagay sa ibang mga tungkulin kung saan hindi kinakailangan ang pagbabakuna.

Kung saan ang isang tagapag-empleyo ay patuloy na kinakailangan sa pangkalahatan ang parehong bilang ng mga empleyado upang maisagawa ang naturang trabaho at hindi maaaring italaga sa ibang puwesto ang lahat na hindi nabakunahan o hindi saklaw ng pagpapabakuna, hindi ito maituturing na sitwasyon na may kalabisang empleyado (redundancy). Ang dahilan para sa pagwawakas ng pag-eempleyo ay ang pagpapaalis, hindi kalabisan (redundancy), at ang mga napaalis na mga empleyado ay hindi magiging karapat-dapat sa isang bayad para sa redundancy. Gayunpaman, sa mga sitwasyong ito, kakailanganing isaalang-alang ng tagapag-empleyo kung paano nito makatarungang pinipili ang mga empleyado para sa pagtatalaga sa ibang puwesto o pagpapaalis sa trabaho. Ang pamantayan sa pagpili ay dapat walang kinikilingan at walang diskriminasyon.

Maaaring lumitaw ang iba pang mga kadahilanan para sa pagpapaalis sa paglulunsad ng rekisito. Halimbawa, kung ang isang empleyado ay buong kasinungalingang nagbigay ng hindi tunay na ebidensya ng pagpapabakuna, malamang na ituturing ito bilang maling pag-uugali (misconduct) na maaari pang umabot sa lubhang maling pag-uugali (gross misconduct).

Gayunpaman, ang pagiging hindi nabakunahan o pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon ay hindi maituturing na maling pag-uugali (misconduct).

### Dapat kumilos nang makatuwiran at makatarungan ang mga bahay-kalinga

Kung saan pinag-iisipan ng isang bahay-kalinga ang pagpapaalis para sa maaaring makatarungang dahilan, dapat din silang:

- sumunod sa isang makatarungang pamamaraan, at
- kumilos nang makatuwiran sa pagtrato sa potensyal na makatarungang dahilan bilang isang sapat na dahilan para sa pagpapaalis

Kasama sa mga hakbang na dapat isaalang-alang ng isang bahay-kalinga bago tanggalin ang isang empleyado ang (tandaan na hindi kumpleto ang mga ito):

- pagkonsulta sa empleyado (tingnan ang Indibidwal na pakikipag-ugnayan, sa itaas)
- pagbibigay ng babala sa empleyado ng pangamba ng pagpapaalis kung hindi sila magpapakita ng ebidensya na nabakunahan sila o hindi sila saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna sa loob ng tinukoy na iskedyul
- pagbibigay sa empleyado ng pagkakataong ipaliwanag ang kanilang sitwasyon at anumang mga kadahilanan kung bakit hindi sila dapat paalisin - ito ay karaniwang dapat sa isang pagpupulong, ngunit ito ay maaaring ganapin nang virtual o kung kinakailangan, sa pamamagitan ng telepono
- pagpapahintulot sa indibidwal na samahan ng isang kinatawan ng unyon o kasamahan sa trabaho
- pagkuha at pagbabahagi ng mga tala ng anumang pormal na pagpupulong, upang maiwasan ang hindi pagkakaunawaan o hindi pagkakasundo tungkol sa napag-usapan
- pag-aaral ng mga alternatibo sa pagpapaaalis sa trabaho, halimbawa, mga pagkakataong italaga sa ibang puwesto o lugar kung saan hindi kinakailangan ang pagpapabakuna
- hindi pabagu-bagong pagkilos kung saan magkapareho ang mga kaso, ngunit isinasaalang-alang din ang mga nauugnay na pagkakaiba sa pagitan ng mga kaso
- pagpapasya sa isang kahihinatnan at pagbibigay-alam ng nasabing kahihinatnan sa empleyado
- pagbibigay ng karapatang mag-apela laban sa pagpapaalis sa trabaho

Dapat isaalang-alang at isapubliko ng mga bahay-kalinga ang kanilang patakaran kung ang isang natanggal na empleyado ay nag-apela laban sa pagpapaalis at nakumpleto ang kurso ng pagbabakuna o nakakakuha ng isang katibayan ng pagiging hindi saklaw sa kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon pagkatapos matanggal sa trabaho, ngunit bago dinggin ang apela. Kailangang isaalang-alang ng mga bahay-kalinga kung papabalikin nila ang mga empleyado sa mga nasabing kalagayan, at kung magbabayad sila ng back pay sa muling pagtatalaga sa empleyado. Inuulit, dapat kumilos nang hindi pabagu-bago at

makatarungan ang tagapag-empleyo. Ang leave ay maaaring isang naaangkop na alternatibo sa pagpapaalis kung saan ang isang manggagawa ay nagpakita ng hangarin na ganap na mabakunahan o makakuha ng katibayan ng pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon. Maaari din nitong bigyang-katuwiran ng isang pagkaantala sa pagbibigay ng abiso.

### Bayad sa abiso

Inirerekumendang bigyan ng minimum na inaatas na abiso ang sinumang kawani na winakasan ang kontrata dahil hindi sila sumusunod sa mga regulasyon. Dapat din silang mabigyan ng karagdagang paunawang kontraktwal o, kung kinakailangan, kabayaran bilang kapalit ng paunawa. Karaniwan, ang hindi pagtugon sa kinakailangang pagpapabakuna o pagkakaroon ng katibayan ng pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon ay hindi nagbibigay-katuwiran sa pagpapaalis nang walang abiso.

### Batas sa Pagkakapantay-pantay ng 2010

Labag sa batas ang diskriminasyon laban sa sinuman dahil sa:

- kasarian
- lahi
- relihiyon at paniniwala
- kapansanan
- edad
- pagbubuntis at pagiging ina
- oryentasyong sekswal
- muling pagtatalaga ng kasarian
- kasal at sibil na pagsasama

Kilala ang mga ito bilang ‘mga protektadong katangian’.

Maaaring kasama sa diskriminasyon na hindi alinsunod sa batas ang (bukod sa iba pang mga bagay):

- direktang diskriminasyon - ang pagtrato sa isang tao na may protektadong katangian nang hindi kasing-buti sa iba dahil sa isang protektadong katangian
- hindi direktang diskriminasyon - pagkakaroon ng mga patakaran o kaayusan na nalalapat sa lahat, ngunit naglalagay sa isang taong may protektadong katangian sa isang hindi patas na kalugihan at hindi maaaring bigyang-katuwiran (ang pagbubuntis at pagiging ina ay hindi isang kaugnay na protektadong katangian na nauugnay sa hindi direktang diskriminasyon)

Ang direktang diskriminasyon ay hindi karaniwang nabibigyan ng katuwiran, subalit, sa napakalimitadong mga sitwasyon, maaaring bigyang-katuwiran ang direktang diskriminasyon dahil sa ang edad.

Maaaring maganap ang hindi direktang diskriminasyon kung saan ang isang hindi makatarungang rekisito ay iniaatas sa lahat bago sila makapasok sa isang bahay-kalinga, tulad ng dapat nabakunahan o mayroong katibayan ng pagiging hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon, ngunit

mayroon itong mas masamang epekto sa mga taong may partikular na protektadong katangian. Gayunpaman, kung saan ang rekisitong iyon ay mabibigyang-katuwiran kaugnay ng lahat ng protektadong katangian, walang naganap na hindi direktang diskriminasyon. Kasama sa pagbibigay-katuwiran ang pagpapakita na ang panuntunan ay isang angkop na paraan ng pagkamit ng isang lehitimong layunin. Ang parehong pagsusuri ay nalalapat sa pagpapaalis ng isang manggagawa dahil sa rekisitong huwag payagan ang isang hindi nabakunahang tao na pumasok sa isang bahay-kalinga maliban kung sila ay hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna.

## Mga regulasyon

Iniaatas ng mga regulasyon na pahintulutan lang ng mga bahay-kalinga ang mga nabakunahan o mga saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon, o ang mga wala pang 18 taong gulang na pumasok sa isang bahay-kalinga. Tulad ng naturan, maaaring samantalahin ng bahay-kalinga ang isang di pagkakasaklaw sa karaniwang mga patakaran na nagbabawal sa diskriminasyon. Hindi rin lalabag ang bahay-kalinga sa Batas sa Pagkakapantay-pantay ng 2010 na may kaugnayan sa trabaho, kung ginagawa ng bahay-kalinga ang anumang dapat nitong gawin, alinsunod sa mga regulasyon. Ito ay naaangkop sa mga nauugnay sa edad, kapansanan, relihiyon, o paniniwala.

Kaya't ang pagbubukod ay nagtatakda na hindi magiging labag sa batas na diskriminasyong may kaugnayan sa edad, kapansanan, relihiyon, o paniniwala ang pagtitiyak ng bahay-kalinga na ang isang taong higit sa 18 taong gulang na hindi nabakunahan at hindi kabilang sa sa hindi saklaw ng kinakailangang pagpapabakuna dahil sa medikal na kondisyon ay hindi pumasok sa bahay-kalinga.

Ang pagbubukod na ito sa pantay na pagtrato ay hindi naaangkop sa lahi, kasarian, oryentasyong sekswal, pagbubuntis at pagiging ina, muling pagtatalaga ng kasarian, kasal at pagsasamang sibil.

Halimbawa, hindi maipapahayag ng isang bahay-kalinga na pagbubukod ang desisyon nitong paalisin lamang ang mga kawani na may kapansanan sapagkat sila ay may mga kapansanan. Ito ay sapagkat hindi pinipilit ng mga regulasyon ang bahay-kalinga na piliing tanggalin lamang ang mga kawaning may kapansanan.

Gayunpaman, kung saan dapat paalisin ng isang bahay-kalinga ang ilang kawani bilang resulta ng mga regulasyon at pipiliin ang mga kawani sa isang patas at hindi nagdidiskriminang pamamaraan, maaaring gamitin ang pagbubukod dahil sa iniaatas ng mga regulasyon.

Kung sakaling mayroong katibayan na ang rekisitong iniaatas ng mga regulasyon sa higit sa 18 taong gulang na mabakunahan o mapatunayang hindi saklaw dahil sa medikal na kondisyon ay naglalagay sa mga tao sa isang partikular na kalugihan sa pamamagitan ng pagtukoy sa isang protektadong katangian, kung gayon ang isang bahay-kalinga ay maaaring, napapailalim sa nabanggit na pagbubukod, kailangang bigyang-katuwiran ang pagkakatrato na iyon.

Ang pagsunod ng isang bahay-kalinga sa mga regulasyon ay malamang na isang lehitimong layunin. Hangga't wala nang iba pang makatuwirang hakbang ang isang bahay-kalinga upang maiwasan ang pagpapaalis sa kawani (halimbawa, pagtatalaga sa punong tanggapan, at iba pa), malamang na maipapakita nito na ang pagpapaalis ay isang angkop na paraan upang makamit ang isang lehitimong hangarin kung saan maiiwasan ng pagbibigay-katuwiran na magkaroon ng anumang hindi direktang diskriminasyon.

Ang patakaran sa pagbabakuna at ang mga desisyon na ginagawa sa ilalim nito ay hindi dapat magdiskrimina laban sa mga manggagawa.

Halimbawa, ang isang bahay-kalinga na itinalaga sa ibang trabaho ang mga hindi bakunadong puting empleyado, at pinaalis ang mga hindi bakunadong itim na empleyado, batay sa lahi, ay lumalabag sa Batas sa Pagkakapantay-pantay ng 2010. O isang bahay-kalinga na nagbigay ng karapatang mag-apela laban sa pagpapaalis sa mga empleyado na heterosexual ngunit hindi sa mga empleyadong homosexual ay lumalabag sa Batas sa Pagkakapantay-pantay ng 2010.

Gayunpaman, ang pinakalabag sa batas na diskriminasyon ay hindi gaanong halata kaysa rito.

### *Ika-1 Halimbawa*

Ang isang pamantayan para sa pagpapasya kung aling mga empleyadong hindi bakunado ang dapat na italaga sa ibang gawain ay maaaring hindi direktang nagdidiskrimina laban sa mga tao na may kaugnayan sa relihiyon kung bibigyan ng priyoridad ang mga taong maaaring magtrabaho sa Linggo at partikular na inilalagay sa kalugihan ang mga manggagawang Kristiyano. Ang nasabing pamantayan ay kailangang mabigyang-katuwiran bilang isang angkop na paraan ng pagkamit ng isang lehitimong hangarin upang maiwasan ang paglabag sa Batas sa Pagkakapantay-pantay ng 2010.

### *Ika-2 Halimbawa*

Ang isang empleyado na may kapansanan ay maaaring mahirapan sa pagpapabakuna sa isang tinukoy na iskedyul dahil sa limitadong pagkilos, o maaaring hindi gaanong kayanin ang isang pormal na pagdinig sa pamamagitan ng telepono. Sa ganitong mga sitwasyon, kakailanganing isaalang-alang ng bahay-kalinga kung kailangang isagawa ang mga makatuwirang pagsasaayos upang maiwasan na mailagay ang taong may kapansanan sa kapahamakan. Kung nabigo ang bahay-kalinga na gumawa ng mga makatuwirang pagsasaayos, maaari nitong nilalabag ang Batas sa Pagkakapantay-pantay ng 2010 na may kaugnayan sa empleyadong may kapansanan.

Maaaring mahusay na mga paraan ang pinagsama at indibidwal na pakikipag-ugnayan upang matukoy at matugunan ang mga potensyal na paglabag sa Batas sa Pagkakapantay-pantay ng 2010.

Makikita ang karagdagang impormasyon sa Batas sa Pagkakapantay-pantay ng 2010 sa website ng Equality and Human Rights Commission: Pagkakapantay-pantay at karapatang pantao – iniaatas na kodigo ng kasanayan sa pag-eempleyo.

Ang impormasyong itinakda sa itaas ay para sa patnubay lamang. Ang legal na posisyon ay maaari lamang masuri sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga partikular na sitwasyong nalalapat. Dapat pag-isipan ng mga bahay-kalinga ang pagkuha ng kanilang sariling independiyenteng ligal na tagapayo.